Landas 35:1 (2023) 113–161

ISANG BAGONG SALIN SA TAGALOG NG MGA SALMO AT MABISANG PAGBABALIK-BUKAL SA KALINANGANG HILAGANG-KANLURANING SEMITIKO

Isang Paglalahad, Pagsasanay, at Pagganyak sa Pamamagitan ng Slm 109

Bienvenido Q. Baisas, O.F.M.

Abstract. After 500 years since the arrival of Christianity in these islands now called the Philippines, we are still being summoned to inculturate our faith. This dialogue between faith and culture takes place more effectively if done in our local language—Tagalog. This challenge is posed concretely to the Catholic Biblical Association of the Philippines in the form of a translation project, with enough Filipino and Filipina biblicists, of the entire Sacred Scriptures, which shall serve theological studies and reflection rooted in the context of our people and society. The belated and posthumous appreciation of Mitchell Dahood, SJ's *magnum opus* (*Psalms I-III* in the Anchor Bible series) should serve us as a model in the mission of translating not only the Psalms but also the other poetic parts of the TaNaK, hence this biblico-theological exercise on Psalm 109, a marginalized psalm. Biblical insights in dialogue with our Philippine context have been reached through a study of the Hebrew text in accord with the principles of NWS poetry developed by Dahood.

Keywords. Hebrew consonantal text; Northwest Semitic poetry; inculturation; faithful translation; CBAP priority; marginalized Psalm

1. Paunang Salita

1.1. Hamon ng Ikalimang Dantaon

Napapanahon na sa ating pagdiriwang ng ikalimang dantaon ng pagsapit ng pananampalatayang Kristiyano sa mga kapuluang ito na bakahin ang hamon ng pag-ugat nito sa ating katutubong kalinangang Pilipino sa pamamagitan ng ating sariling wikang Tagalog. Marapat na masdan at suriin ang ating kalalagayan ngayon bilang mga mananampalatayang Pilipino sa tanglaw ng mga Banal na Kasulatan, na siyang pinakapangulong pinagkukunan natin ng mabathalang pananaw. Tulad ng malimit sabihin sa akin ni Jose de Mesa, isa sa mga unang laykong teologong Pilipino, nang nabubuhay pa siya (kapuri-puri ang kanyang alaala!), kailangan natin ng isang mahusay na salin sa Tagalog na malapit na malapit sa mga orihinal na wika ng Banal na Kasulatan. Nais ko nang páunang sabihin na isang hamon ito para sa Catholic Biblical Association of the Philippines (CBAP)—na magbunsod ng isang proyektong sama-sama't organisadong mahusay na pagsasalin ng ating mga pinagkukunang bibliko na makakatulad sa serye ng *The Anchor Bible*—upang maibunsod pang higit ang pagteteolohiyang Pilipino sa mga parating na panahon, at di manayâ lamang sa Inglés na mananatiling banyaga, lalung-lalo na sa karamihan ng ating mga kapanalig at kamamamayan sa bansang ito.

1.2. Proyekto ng Biblia ng Sambayanang Pilipino

Sumapit nang kongkreto ang hamong ito para sa kasalukuyang manunulat, may higit nang anim na taon na ang nakararaan, nang nakadestino pa siya sa Nazaret, Israel at lapitan siya ni Desiderio Ching, CMF, ang Patnugot ng Biblia ng Sambayanang Pilipino.[1] Ninais niyang makibahagi ang manunulat na ito sa hangarin ng mga Claretiano—na maghandog ng isang bagong edisyon ng BSP sa ating sambayanang Pilipino sa pagkakataon ng nasabing Ikalimang Dantaon—sa pamamagitan ng isang bagong salin ng 150 mga Salmo

[1]Tutukuyin bilang BSP sa mga susunod na gamit.

mula sa orihinal na Hebreo. Naging bantulót itong manunulat sa simula kasi alam niyang isa sa mga pinakamahirap isalin na bahagi ng Hebreong Biblia ang mga Salmo dahil mga tula ito. Sa katapusan nama'y tinanggap niya ang hamon sa kondisyong magiging batayán niya ng salin ang Hebreong tekstong mga katinig[2] na sinuri't pinag-aralan ni Mitchell Dahood, SJ sa sali't komentaryong pilolohiko niya sa *Psalms I-III* sa serye ng *The Anchor Bible*. Pinasimulan niya ang gawain sa mga malaya niyang panahon gayong may iba siyang pangulong mga gawaing iniatang sa kanya ng mga namumuno sa Ordeng Franciscano sa Israel. Sa paglipas ng panahon, unti-unting nabuo ang pasyang gumawa rin ng isang aklat-aralin tungkol sa mga Salmo para sa gamit ng mga mag-aaral sa mga seminaryo. Kayâ nangahulugan ito ng pagsasalin ng halos buong nasabing tatlong tomo ni Dahood. Patuloy na sinisikap ni Alberto Rossa, CMF, ang Direktor ng Pastoral Bible Foundation ng mga Claretiano sa Hong Kong, na makuha ang pahintulot ng mga kinauukulang awtoridad sa Yale University Press, na siya ngayong tagalimbag ng bagong taguring *Anchor Yale Bible Series*, na gamitin ang nasabing tatlong tomo ng *Psalms I-III*[3] para sa nasabing

---

[2]Ang *Biblia Hebraica*, ed. R. Kittel, 3rd ed. (Stuttgart: 1937), na tutukuyin bilang BH(3) sa susunod na gamit, at ang *Biblia Hebraica Stuttgartensia*, eds. K. Elliger & W. Rudolph (Stuttgart: 1968), na tutukuyin bilang BHS sa susunod na gamit, ang naging mga batayan ni Dahood. Ang naging batayan naman ng kasalukuyang manunulat ay ang *Biblia Hebraica Stuttgartensia*, eds. K. Elliger & W. Rudolph, 5th amended ed. (Stuttgart: 1997), na tutukuyin bilang BHS(5) sa susunod na gamit.

[3]Sa kaalamang abót ng kasalukuyang manunulat, walang nangahas na magrebisa ng *magnum opus* ni Mitchell Dahood na *Psalms I-III* sa orihinal na *The Anchor Bible*, gen. eds. W. F. Albright and D. N. Freedman, Vols. 16–17A (Garden City, NY: Doubleday & Co., Inc., 1965/1966, 1968, 1970), gayong namatay siya noong 1982 at kinilala ang kawastuhan ng kanyang metodolohiya sa pag-aaral ng mga Salmo sa dakong katapusan lamang ng nakaraang dantaon at higit sa pasimula ng kasalukuyang dantaon. Bagama't napalipat sa ibang tagalimbag at nagkaroon na ng huling edisyon ang nasabing gawa ni M. Dahood, *Psalms I-III*, Anchor Yale Bible Series (New Haven, CT: Yale University Press, 2011), gayumpaman, ang ginamit na edisyon ng kasalukuyang manunulat ay ang orihinal na M. Dahood, *Psalms III*, Vol. 17A, The Anchor Bible (Garden City, NY: Doubleday & Co., Inc., 1970), na sa mga susunod na gamit ay tutukuyin bilang Dahood, *Psalms III*. Tutukuyin naman ang M. Dahood, *Psalms II*, Vol. 17, The

proyekto. Mayroon ding bagong *General Editor* ang bagong seryeng ito, si John J. Collins.

1.3. Si M. Dahood at ang Kaugnayan ng Hebreo sa HKS[4]

Mahigit na kalahating dantaon ang nakalipas mula nang maluwalhating maisagawa ni Dahood ang kanyang komentaryong pilolohiko sa mga Salmo (1965–1970)[5] bilang bahagi ng serye ng *The Anchor Bible*.[6] Walang alinlangang nabulabog noon ang maraming mga mananaliksik ng Banal na Kasulatan,[7]

Anchor Bible (Garden City, NY: Doubleday & Co., Inc., 1968) bilang Dahood, *Psalms II* sa mga susunod na gamit.

[4]Hilagang-Kanluraning Semitiko.

[5]Sa katunayan, inabot ng sampung taon ang pagsulat ni Dahood ng *Psalms I-III* sa Anchor Bible, gaya ng kanyang ipinahiwatig sa Prepasyo ng huling tomo:

> Ten years have passed since that August afternoon of 1959 when my tranquil study in the library of the Biblical Institute in Jerusalem was interrupted.… Today, a decade and one hundred and fifty psalms later, I thank Professor D. N. Freedman both for his intrusion and for his subsequent help and counsel.… (Dahood, *Psalms III*, v)

[6]Tutukuyin bilang AB sa mga susunod na gamit.

[7]Narito ang dalawang halimbawa ng mga punang maiigting na kabilang sa mga sinipi mismo ni Dahood:

> Two rather persistent questions about *Psalms I* can be couched roughly in these terms: How can one be sure that this translation of Psalms, which departs so radically not only from the venerable traditions of the MT and the ancient versions, but also from contemporary translations and Psalms scholarship, is sound and reliable? How can one scientifically control these new proposals? Reviewing *Psalms I* in the *Journal of Biblical Literature* [Vol. 85 (1966), p. 484], David A. Robertson expresses his deep concern about the potential harm that may accrue from the book.… [He says:] "In short, most of what this commentary contains should be for scholarly consumption only, and should be transmitted

lalo na ng TaPaK;[8] mismong si Dahood ang nag-ulat nito at nagbigay ng karampatang kasagutan sa ikalawa't ikatlong mga tomo ng nasabing komentaryo.[9] Sa katunayan, naging daan ito upang higit niyang mapayaman lalo na ang ikatlong tomo[10] at mabigyan ng mas matibay

---

to the public only after intensive evaluation by those best qualified to do so." (Dahood, *Psalms II*, xxii–xxiii)

Ang isa pang puna ay nakatutok naman sa kaugnayan ng Ugaritiko at ng Hebreo sa isa't isa:

> In his review of *Psalms I*, F. I. Andersen [*Anglican Theological Review* 49 (1967)] remarked that many Old Testament scholars may not be prepared to accept the general presuppositions underlying many of these results. These volumes assume that Israelite poetry continues the poetic tradition of the Canaanites, borrowing Canaanite poetic techniques, parallelism, vocabulary, imagery, etc. The psalms are translated with an eye more to the meaning given to the words in an earlier period than in the sense attributed them by post-Exilic Jewish culture or by Christian interpretation. In this approach the ancient versions play a very minor role. Andersen correctly sensed the mood of some scholars, to judge from Samuel Terrien's review of *Psalms II*.… (Dahood, *Psalms III*, xxii)

[8]TaPaK ang pagsasa-Tagalog ng akronimo sa Hebreong Biblia na *TaNaK* (*Tōrāh* = Turo + *Nᵉbi'im* = Propeta + *Kᵉtūbim* = Kasulatan).

[9]Paganito pinasimulan ni Dahood ang Paunang Salita ng Ikatlong Tomo ng kanyang komentaryo:

> The lively critical reaction to *Psalms I, 1–50* and *Psalms II, 51–100* (AB, vols. 16 and 17) belies the apologetic dictum of Saint Jerome that of all the gifts or graces bestowed by Heaven, that of the translator ranks lowest in the scale of importance. Modern scholars know better; they realize that the soundness of biblical theology and anthropology depends upon the soundness of the translation on which these disciplines are based. Try as we will, we cannot escape words, in themselves, or the subtle grammatical structures that build up sentences and paragraphs.… Thus scholars are obliged to cast a critical eye upon a new translation of Psalms which upends current assumptions and urges a basic reorientation. (Dahood, *Psalms III*, xvii)

[10]Palatandaan ng katapatan at kababaang-loob na pangkatalinuhan ni Dahood, sa palagay ng manunulat na ito, ay ang kanyang isinulat sa Panimulang Salita ng *Psalms III* (p. xvii):

na patutunguhan sa pag-ugat ng Hebreong mga tula sa minana nito bilang kabahagi ng kalinangang Hilagang-Kanluraning Semitiko. Sa tingin naman ng kasalukuyang manunulat, ang mahigit na animnapung taon, makaraan ang mainit na pagtatalo tungkol sa kawastuhan ng mga simulaing sinundan ni Dahood sa kanyang *magnum opus* kaugnay sa mga Salmo ng TaPaK, ay sapat na magpahupa roon para mas panatag at payapa nating makilatis ang ginintuang gawa ng Gurong ito.

Sa sandaling ito, makatuturan bago magpatuloy na malaman ang pagsulong ng mga pag-aaral tungkol sa Ugaritiko at Hebreo. Malaking tulong na makita ang pangkalahatang kalalagayan ngayon ng Ugaritolohiya at ng pagpapaliwanag sa TaPaK, lalo na ng mga Salmo. Isang sanaysay ni A. Gianto, ang "Ugaritology and Biblical Interpretation,"[11] ang malinaw na naglahad ng mga pagsulong na ito. Itinuring niyang ang mga isinagawa ni Dahood na pagsasalin ng *Psalms I-III* ay kabahagi ng ikatlong kapanahunan ng Ugaritolohiya (1970–1985) nang matibay na tumatag ang impluho ng mga pag-aaral ng Ugaritiko sa mga pag-aaral sa Biblia. Nakakapagpalakas ng loob na malamang sa

---

> This volume trusts to have profited from the comments of critical reviewers; their questions have helped shape the following paragraphs. The Prophet announced that if two texts of the Koran appeared inconsistent, the later one was to be taken as authoritative. And I should wish the reader to apply the same principle when judging these volumes that were ten years a-borning. Some revisions presented below are necessitated by the author's faulty judgment in the past, and some arise from his failure to have adhered consistently to the enunciated canons of Northwest Semitic grammar.

Pinagtibay ang pahayag na ito ni Dahood sa pag-aaral na ginawa ni R. Althann noong 1997 sa kanyang *Studies in Northwest Semitic* (Rome: Editrice Pontificio Istituto Biblico, 1997), p. 157, sa pagsasabing,

> The contribution of Mitchell Dahood to the clarification of the meaning of the biblical text lies especially in the attention to points of detail. Even where his suggestions must be rejected—and he himself frequently changed his opinion on a passage in the light of later evidence—he offers a stimulus.

[11]A. Gianto, "Ugaritology and Biblical Interpretation," in S. McKenzie, ed., *The Oxford Encyclopedia of Biblical Interpretation* (Oxford University Press, 2013), 429–436.

ikaapat na kapanahunan (1985–1999), kaalinsabay ng higit na ganang pabutihin pa ng mga mananaliksik ang teoria't mga kasangkapan sa pag-aaral ng Ugaritiko mismo, ay ang pagbabalik sa mga nagawang mga pag-aaral sa nakaraan.[12] Naghihintay pa ng panibagong pagtatasa ang mga pangyayari ng nakaraang unang dekada ng kasalukuyang dantaon. Subali't higit na pampasigla ang naging katapusan ng unang bahagi ng nasabing sanaysay ni Gianto tungkol sa pagkakahati ng pangkat na pangwika ng HKS sa pagitan ng Aramaiko at Kananeo, at kung saan kabilang ang Hebreo sa ikalawang grupo nito.[13]

2. Ang Sanaysay tungkol sa Slm 109

Pinili ng kasalukuyang manunulat ang salmong ito para mailahad nang sapat ang ilang mga katangian ng tulang Hebreo gayong pinatunayan ng salmista ang kanyang pagiging batikang makata sa paggamit ng iba't ibang mga pamamaraang pantula. Ibinadyang napausbong at napaunlad niya ang kaloob ng pagiging isang makata sa paglipas ng mahaba ring panahon, hanggang sa kanyang katandaan.[14]

Gayundin, malinaw na matatambad sa mga paglalahad na gagawin ang malaking paggalang ni Dahood sa banal na tekstong nakaabot sa atin sa mga kumpol ng mga katinig. May sinunod siyang disiplina sa mga pagkakataong kinailangang isaayos ang Hebreong teksto o/at

---

[12]Kabilang na rito ang mga isinulat ni Dahood sa iba't ibang mga peryodikong bibliko na pinag-aralan ni Althann, gaya ng nabanggit sa talâ 10 sa itaás. Idinugtong pa ni Gianto: "*A generally positive and sobering assessment of Dahood's contributions in Hebrew studies was published by Althann (1997)*" ("Ugaritology and Biblical Interpretation," 430 [diin ng kasalukuyang manunulat]).

[13]"The Northwestern Semitic language group eventually split into the Aramaic and Canaanite languages during the first millennium B.C.E. Belonging to the latter are Phoenician, Hebrew, and some lesser-attested Transjordanian dialects, like Moabite, Edomite, and the dialect found in [the] Deir Alla inscription. This situation represents a dialect continuum from the earlier period down to the latter period and gives ground for the use of Ugaritic in Hebrew studies" (Gianto, "Ugaritology and Biblical Interpretation," 430).

[14]Tgn. mga bss 23 at 30.

patinigang panibago para mapalitaw ang higit na katuturang nilalayon ng banal na makata. Sa katunayan, ito nga ang habol ng isang tapat na tagasalin para maabot/maiabot ang ipinahihiwatig ng Diwang Banal.

Sa kahulihan, gayong isang panaghoy na isahan ang tulang ito, mayroong mga sangkap na kaugnay na kaugnay sa kinasasadlakan ngayon ng ating pamayanan. Humahamon ito sa ating bakahin ang ating situwasyon nang may kagitingan, tapang, at tiwala sa hangad na pag-iral ng tama't angkop na asal at kalakaran ng buhay nang ayon sa katuwira't katarungan ng Kataas-taasang Diyos.

2.1. Ang Tekstong Hebreong Isinalatíng-Titik ng Slm 109

Ngayon pa man, masasabing buo ang mga katinig na umabot sa atin sa salmong ito! Para sa isang tama't angkop na salin, napakahalagang malinaw para sa tagasalin ang orihinal na tekstong Hebreo. Ito ang unang-unang dapat na tiyakin—ang malaking paggalang sa mga katinig na nakaabot sa atin sa paggulong ng matagal na mga dantaon. Marapat namang unawain ang paggalang na ito ayon sa mga simulaing inilahad ni Dahood, na sinikap sundin ng kasalukuyang manunulat sa ginawa niyang salin sa Tagalog.[15] Malaki ang paggalang ni Dahood sa mga Masoreta at sa kanilang malaking gawaing pagpapatinig sa mga iyon.[16] Malaki rin ang paggalang niya sa mga sinaunang tagasalin

[15]Inilahad ni Dahood sa *Psalms II* ang kanyang itinuturing na apat na mga simulain ng pagsusuri sa teksto: 1) pagpapanatili ng tekstong katinig; 2) kahulugan: Isinasantabi lamang ang simulain ng *lectio difficilior*, "ang mas mahirap na pagbasa," kung walang lumalabas na katuturan ang tekstong katinig; 3) balarila: Maraming mga balarila noon ng Hebreo'y nangangailangan ng rebisyon ayon sa mga natuklasan sa HKS; 4) panunula: Kasama rito ang mga paksa gaya ng paralelismo, sukat ng bersikulo, bilang ng mga pantig, paglansag sa mga pinaghalong pamagat na mabathala, at mga pariralang parisán, kiasmo, pagkakasintunog, pagkakasintitik, at paglangkap. Tgn. Dahood, *Psalms II*, xvii–xxii.

[16]Tgn., hal., ang kanyang isinulat sa Panimulang Salita sa *Psalms III*:

> From these random examples [i.a. mula sa pp. xxv–xxviii] the textual method pursued in these volumes becomes evident. First and foremost

ng Banal na Kasulatan, tulad ng sa LXX, Siriako, at *Vulgata*, pati na ang sa *Juxta Hebraeos*. Gayumpaman, hindi ito naging balakid upang magbulag-bulagan siya sa mga limitasyon ng kanilang kaalaman[17] dahil sa ang mga natuklasang tatanglaw na HKS ay natagpuan at

---

is respect for the consonantal text. No more than *eight consonantal changes* are encountered in the *Notes* to the one hundred and fifty psalms [ang pagdidiin ay mula sa kasalukuyang tagasalin]. But at once to maintain consonantal integrity and to elicit sense from the text, one must often cut free from the Masoretic vowels, most of which were inserted more than a millennium after the completion of the Psalter. The notion that consonantal freedom exists inside the text is rather novel and difficult for many scholars, who would prefer the same consonants to mean the same thing everywhere. They are unwilling to concede that Hebrew, like all other languages and perhaps more than most, teems with ambiguities due partly to the nature of the language and partly to the several methods of transcription employed during the long formation of the Hebrew text. Though the Masoretic points should not be dismissed out of hand, one must, for example, be duly suspicious of innumerable instances of prepositions such as *'el*, "to," *'al* and *ʿalē*, "upon." As prepositions they often contribute little or nothing to the sense, being thus at odds with a fundamental quality of biblical (and Canaanite) poetry: concise intensity. When, however, these purported prepositions are revocalized, they are freighted with meaning; cf. the list of composite divine names given below, many of which have been recovered from purported prepositions [Makikita natin sa Slm 109 ang ilang mga halimbawa!].… (Dahood, *Psalms III*, xxviii)

[17]Isinulat din ni Dahood ang mga sumusunod:

If progress in Northwest Semitic grammar and prosody entails some devaluation of the Masoretic vocalization, it considerably weakens the authority of the ancient versions at least in the poetic books of the Bible. Ugaritic, for instance, illustrates various senses of the preposition *l*, "to," "from," which are not normally appreciated by the versions of antiquity, and numerous cases of vocative and emphatic *lamedh*, "surely," go unrecognized. Emphatic *kī* finds no response in the versions; their grasp of the functions of the *yqtl* verb form is unsteady. The significance of the precative and energic modes was generally lost on them, and dative suffixes proved [to be] a constant source of embarrassment.… (Dahood, *Psalms III*, xxviii–xxix)

napag-aralan lamang noong pasimula ng nakaraang milenyo't huling dantaon nito. Isa ito sa naging sanhi ng pagtatalo niya noon sa kanyang mga kritiko.

2.1.1. Ang Gawain ng Pagsasalin. Kayâ ang unang ginawa ng kasalukuyang manunulat ay ang pagsulat-kamay sa Latíng titik ng tekstong Hebreong nakalimbag sa BHS[5] ayon sa inilahad ni Dahood sa kanyang *Psalms I-III* at pagkopya nito pagkatapos sa *computer* para maging *file*[1] at batayán ng unang borador ng salin ng salmo sa sulat-kamay. Matapos maisagawa ang salin ng buong salmo sa tulong higit sa lahat ng BDB[18] sa mga pagkakataong kailangang matukoy ang iba't ibang pakahulugan ng ilang mga salitang Hebreo, at sa tulong din ng *English-Tagalog Dictionary* ni L. English, C.Ss.R. o ng *Google Translate*, ipinasok naman ito sa computer na siyang *file*[2] para sa payak na saling sinikap na katugmang-katugma ng Hebreo. Gumawa rin pagkatapos ang kasalukuyang manunulat ng isa pang kopya ng *file*[2] na nilagyan naman ng mga talábabâ bilang tulong sa pag-unawa sa karampatang salmo; ito ang naging *file*[3]. Matapos ang ganitong proseso, gumawa muli ang kasalukuyang manunulat ng isa pang kopya nitong *file*[3] na may mga talábabâ para naman magsilbi bilang *file*[4] na daragdagan ng lahat ng mga paliwanag na pilolohiko't tekniko bilang pagmamatuwid sa isinagawang salin. Kayâ habang isinasagawa ang paglalagay ng mga nasabing talâ sa katapusang-katapusan ng salmo sa *file*[4], nakabukas ang apat na mga *files* at pabalik-balik ang kasalukuyang manunulat sa kanilang lahat habang nararepasong muli ang nagawang salin, at kung may kailangan pang iwasto ay naisasagawa bago salungguhitan ang salita o mga salitang katugma sa Hebreo sa *file*[2] na may payak na salin.[19]

---

[18]F. Brown, S. Driver, & C. Briggs, *The Brown-Driver-Briggs Hebrew and English Lexicon* (Peabody, MA: Hendrickson Publishers, Inc., 2010).

[19]Isang malaking kakulangan kung nag-iisa ang tagasalin at hindi siya kasali sa isang sama-samang gawain ay ang walang masasangguni agad-agad kung may anumang dapat linawin sa salitang mas angkop na gamitin. Mayroong pinakiusapang mga maging tagabasa para matingnan kung tama ang pagbubuo ng pangungusap ayon sa balarila at nauunawaan ang mga paliwanag na isinalin o idinagdag sa mga puna ni Dahood.

2.1.2. Anyo ng Aklat-aralin sa mga Salmong Binubuo. Sa aklat-araling binubuo, ang unang bubungad sa bawa't 150 salmo ay ang Hebreong tekstong isinalating-titik sa pahinang katapat, o sa likuran nito ay ang simpleng salin sa Tagalog na mayroong magkakaibang salungguhit ang salita o mga salita upang maipakita ang katugma nitong salita o parirala sa Hebreong teksto. Kapag maiksi ang salmo, matutunghayan ang isinilatíng titik na tekstong Hebreo sa iisang pahina kasama ang salin sa Tagalog. Sa gabay ng isang guro o may kaalaman sa wikang Hebreo, binabayaan ang mag-aaral na magbasa kahit hindi pa maalam sa nasabing banal na wika. Sa ganitong paraan, higit na mauunawaan niya ang ilang mga pantulang kasangkapang ginamit ng makata tulad ng pagrima, paglalaro ng mga salita sa pamamagitan ng tinatawag na pagkakasintunog,[20] o pagkakasingtitik sa simula ng mga salita.[21] Isang pamamaraan itong magganyak, pagdating ng takdang panahon, ang mag-aaral na matuto ng banal na wikang Hebreo. Hindi ako nagtataka kung bakit noon pa man sa Latíng orihinal na *Analisis philologica Novi Testamenti* ni M. Zerwick ay kanyang isinulat ang hangarin ni Santa Teresita ng Lisieux tungkol sa pag-aaral ng mga banal na wika sa bahagi ng mga nagpapari.[22]

Gumamit itong kasalukuyang manunulat ng mga *nakahilig* na panandâ[23] o titik para maipahiwatig ang mga pagsasaayos o panibagong pagpapatinig na ipinanukala ni Dahood. Malinaw na karamihang

[20] *Assonance* sa Inglés.

[21] *Alliteration* sa Inglés.

[22] Maging sa nirebisa't isinalin sa Inglés ngayong M. Zerwick & M. Grosvenor, *A Grammatical Analysis of the Greek New Testament* (Rome: Gregorian & Biblical Press, 2010), hindi kinaligtaang isulat ang nasabing hangarin sa pahina v ng Prepasyo: "Kung naging pari ako, disin sana'y pinag-aralan kong masusi ang Hebreo't ang Griyego upang maunawaan ang niloloob ng Diyos sang-ayon sa kanyang pagmamarapat na paghahayag noon sa ating wika bilang tao" (sariling salin ng kasalukuyang manunulat).

[23] Mga kahulugan ng panandang ginamit dito: [= ihiniwalay sa sinundang salita o kolon; [ ] = may titik na nawala, lalo na kung doble; […]} = buong kolon o salita o titik ay kasama ng kasunod; …] [… = pinaghiwalay; {[…] = buong kolon

dalawahang kolon ang Slm 109 na may tigtatatlong kumpás ang bawa't bersikulo.

Slm 109

1 *lam^{e}naṣṣē^{a}ḥl^{e}dāwid mizmōr*
'^{e}lōh$\bar{a}$*y* t^{e}hillātī 'al teḥ^{e}raš
2 kī pī rāšā‘ ūpī mirmāh ‘ālay p*ū*tāḥū
*/*dibb^{e}rū *'ō/*tī l^{e}šōn šāqer*/}* 3 w^{e}dibrē śin'āh s^{e}bābūnī*/*
*/*wayyillāḥ^{a}mūnī ḥinnām*/}* 4 taḥat 'ah^{a}bātī*/* */*yiśṭ^{e}nūnī *{/*wa'*ā*nī*/*
*/*t^{e}pillāh*/}* 5 wayyāśīmū ‘āl*ā*y*/* */*rā‘āh taḥat ṭōbāh
w^{e}śin'āh taḥat 'ah^{a}bātī
6 hapkēd ‘ālāyw rāšāh w^{e}śāṭān ya‘^{a}mōd ‘al y^{e}mīnō
7 b^{e}hiššopṭō yēṣē rāša‘ ūt^{e}pillātī tihyeh laḥ^{a}ṭā'āh
8 yihyū yāmāyw m^{e}‘aṭṭīm piqudātō yiqqaḥ 'aḥēr
9 yihyū bānāyw y^{e}tōmīm w^{e}'ištō 'almānāh
10 w^{e}nō‘^{a} yānū‘ū bānāyw w^{e}šī‘ēlū w^{e}d*ū*r^{e}šū m*ø*ḥ*ē*r*/* */*bōtēhem
11 y^{e}naqqēš nōšeh l^{e}k*ø*l ^{a}šer lō w^{e}yābozzū zārīm y^{e}gī‘ō
12 'al y^{e}hī lō mōšēk ḥāsed w^{e}'al y^{e}hī ḥōnēn y^{e}tōmāyw
13 y^{e}hī 'aḥ^{a}rītō l^{e}hakrīt b^{e}dōr 'aḥēr yimmaḥ š*ē*m-m
14 yizzākēr ‘^{a}wōn ^{a}bōtāyw
--'*ē*l yhwh--
w^{e}ḥaṭṭa't 'immō 'al timmāḥ
15 yihyū neged yhwh tāmīd w^{e}yakrēt mē'ereṣ zikr*ō*-m
16 ya‘an ^{a}šer lō' zākar ‘^{a}śōt ḥāsed wayyirdōp 'īš ‘ānī w^{e}'ebyōn
w^{e}nik'ēh lēbab l^{e}mōtēt
17 wayye'^{e}hab q^{e}lālāh*/* */*watt^{e}bō'ēhū
w^{e}lō' ḥāpēṣ bibrākāh w^{e}tirḥaq mimmennū
18 wayyibbaš q^{e}lālāh k^{e}maddō wattābō kammayim b^{e}qirbō
w^{e}kaššemen b^{e}‘aṣmōtāyw

---

o salita o titik ay kasama ng sinundan; -- … -- = lunduang salita o parirala ay may dobleng-gamit, na tumuturing sa sinundang kolon at sa kasunod na kolon.

19 t^{e}hī lō k^{e}beged ya‘ṭeh {[ū]
20 zō’t p^{e}‘ulat śōṭ^{e}nay
—m*i*’*ē*t*ā* yhwh—
w^{e}haddōb^{e}rīm rā‘ ‘al napšī
21 we^{u}[/]t*ē*h yhwh ^{a}dōnāy
[l^{e}ma‘an š*i*m^{e}kā {[kī ṭōb]
[ḥasd^{e}kā haṣṣīlēnī]}
w^{e}libbī ḥ*u*lal b^{e}qirbī
23 k^{e}ṣēl k*ī*] [n*ā*ṭ*a*wtī]
nin‘artī k*ī* ’*e*rbeh
24 birkay kāš^{e}lū miṣṣōm
25 w^{e}’*ō*n*a*y hayyītī ḥerpāh lāhem
26 ‘ozrēnī yhwh ’^{e}lōhāy
27 w^{e}yēd^{e}‘ū kī yād^{e}kā zō’t
28 y^{e}qāl^{e}lū hēmmāh]
qāmū wayyēbōšū]
29 yilb^{e}šū śōṭ^{e}nay k^{e}limmāh
30 ’ōdeh yhwh m*a*’*ē*d b^{e}pī
31 kī ya‘^{a}mōd līmīn ’ebyōn

[l^{e}mēzaḥ tāmīd yaḥg^{e}rehā
^{a}śēh ’*ō*[/]tī]
22 kī ‘ānī w^{e}’ebyōn ’ānōkī
[w*i*]}nh*e*laktī]
ūb^{e}śārī kāḥāš mi[/]š[/]m*ā*n
yir^{e}’ūnī y^{e}nī‘ūm rō’šām
hōšī‘ēnī k^{e}ḥasdekā
’attāh yhwh ^{a}śītāh
[w^{e}’attāh t^{e}bārēk
[w^{e}‘abd^{e}kā yiśmaḥ
w^{e}ya‘ṭ ū kam^{e}‘īl boštām
ūb^{e}tōk rabbīm ^{a}hal^{e}lennū
l^{e}hōšī‘^{a} miššōp^{e}ṭ *ī* napšō

2.2. Ang Balangkas ng Tula’t mga Nilagom na mga Kagamitan ng Panunulâ ng Makatà ng Slm 109

Mahirap sa ísahang panaghoy na ito, ayon kay Dahood, na matukóy nang tiyak ang mga taong gumaganap sa drama[24] at ang pagkakasunud-sunod ng kilos gayong nakalílitó ang Hebreong teksto nito. Maaari namang maaninag ang pagkakasunud-sunod na ito mula sa panukalang salin dito:

> *Bs 1:* Ang kinagawiang panawagan sa ngalang mabathala.
>
> *Bss 2–5:* Ang mga kilos ng kanyang mga walang-hiyang kaaway, na nagparatang sa kanya ng isang krimeng

[24] *Dramatis personae.*

napakabigat na di-tukoy na posibleng hatulan ng kamatayan (tgn. mga bss 16 at 31) at nagsakdal sa kanya.

Bss 6–19: Págpapatamà ng salmista ng isang serye ng mga kakila-kilabot na panunumpa laban sa págpasuhol na hukom (tgn. bs 31), na sa halip na magbasura sa sumbóng bilang isang kabaliwán ay umayong makinig sa kaso. Waring kinatha ng salmista ang napakasidhing panaghoy na ito samantalang naghihintay sa paglilitis sa isang húkumang punô ng mga sinungaling at pinamúmunuan ng hukom na nápasusuhol.

Bs 20: Maikling sumpa sa mga máninirà.

Bss 21–27: Panalangin ng salmista na máligtás at masáklolohan.

Bs 28: Ang kinálabasán ng panalangin.

Bs 29: Ang muling panunumpa laban sa mga máninirà.

Bss 30–31: Pangmadlang pagpapahayag ng salmista ng saklolong tiyak niyang ipadadala ng POON.[25]

Isang batikang makata ang salmista na mayroong kátandaan na. Pinatutunayan ang kanyang mga kaloob bilang isang gayóng makatà sa pamamagitan ng mga gamit niya ng mga sumusunod:[26]

A. Mga Pangunahing Pantulang Kagamitan:

1) Kiasmo (bss 2d–3a, 14, 16b–16k, 30)

2) Panturing na may dobleng gamit (bss 14, 20)

3) Pagkakátugma-tugmâ ng mga metáporá (bss 2–3a, 13–14)

---

[25]Tgn. Dahood, *Psalms III*, 99.

[26]Sa Teolohikong Pagmumuni-muni, ipakikita ng kasalukuyang manunulat kung paano nagsilbi ang mga kagamitang pantulang ito sa paghahatid ng kalatas na mabathala ng Salmo.

4) Paglangkap (bss 1 at 30, 2 at 30, 7 at 31, 21 at 26, 22 at 31, 26 at 31)

5) Masinop na bilang ng mga pantig sa mga kola (bss 2, 2d–3a, 3b–4b, *tᵉpillāh* + 5, 19, 21, 23, 26, 28–29)

6) Pagkakátimbáng sa pagitan ng mga pangngalang abstrakto at kongkreto (bs 2)

7) Pinaghalong ngalang mabathala (bss 14, 21, 26, 30)

B. Iba pang mga Pantulang Kagamitan:

1) Iba pang mga dobleng gamit (hulapi [bs 5, 2x], pandiwa at tuwirang nilalayon [bs 27], engklitikong *mem* [bss 13, 15])

2) Mga pandiín (pandiíng *kī* [bss 21, 23], pandiíng *lamed* [bss 11, 16], pandiíng *waw* [bs 5])

3) *Casus pendens* (bs 25)

4) Paglalaro sa mga ugat ng mga salita (bs 29)

5) Perpektong pahilíng at paatás (bs 28)

6) Kaukulang datibo (bss 17, 21)

7) Nakaugaliang gawi sa HKS (bss 9, 10, 12, 13a, 13b, 18, 30)

8) *Hendiadys* (bs 10)

9) Sinaunang hulaping isaha't panlalaki sa *-y* (bs 31)

10) Pandiwang isiningit sa isang kadenang binanghay (bs 18)

11) *Qal* na balintiyak (2k, 10b, 22b)

Bukod pa rito, ipinahíhiwatig ng mágkakapantáy na katangiang pantulang napakahusay ang pagiging-isá ng may-akda at ng pagkatha sa tula ayon kay Dahood; gayón, di katanggap-tanggap ang paglalarawan ni C. Briggs sa kanyang komentaryo, na ang mga bss 6–15 ay isang salmong Makabeong isiningit na naglalaman ng bahagyang tunay na

panunulâ. Malamáng na kinatha ang salmo sa maagang kapanahunan bago mangyari ang Pagkatapon sa Babilonia.[27]

2.3. Ang Bagong Salin

Sa ginagawang aklat-aralin sa mga Salmo, hangad na isunod muli sa binanggit sa itaas na tekstong Hebreong isinalatíng-titik, kasama ang karampatáng simpleng salin nito sa wikang Tagalog, ang buong salmo na nilagyan naman ng dalawang uri ng talâ o nota—a) Tálababà at b) Mga Pilolohiko at Teknikong Paliwanag—sa katapusang-katapusan ng salmo.[28] Nangangahulugan itong halos lahat ng mga talâ ni Dahood sa kanyang komentaryong pilolohiko sa *Psalms I-III* ay isinalin sa gawang ito. Ang mga taláng ito ang pinagbatayan ng halos buong sanaysay na ito. Sa magiging aklat-aralin, malinaw na ipahihiwatig kung mayroong anumang idinagdag na puna ang kasalukuyang manunulat sa mga isinaling komentaryo ni Dahood.

Narito ang bagong saling sinikap ng kasalukuyang manunulat na maging lubos na tapat sa orihinal na Hebreo sa tanglaw ng Hilagang-Kanluraning Semitiko upang higit na maabot ang ipinaaabot ng Diwang Banal sa pamamagitan ng banal na wika't kalinangang ito.[29]

---

[27]Dahood, *Psalms III*, 99.

[28]Tgn. 2.1.2. sa itaás.

[29]Para sa mismong pagsasalin, sinundan din ng kasalukuyang manunulat ang tinalakay ni Dahood tungkol sa mga teoriya ng pagsasalin at ang pamamaraang kanyang ginamit. Sapat na sipiin dito ang kanyang isinulat sa *Psalms III* tungkol dito:

> Though the translation presented here differs from traditional versions, it adheres, paradoxically, to the method of formal equivalence. In Dryden's terminology it might be called a metaphrase. Yet the differences result less from the theory of translation adopted than *from different conceptions of Hebrew grammar and style*. Since the grammar of Hebrew poetry is being rewritten in the light of emerging Northwest Semitic grammar, it was deemed wise to propose a formally equivalent version, one that would permit the reader who understands some Hebrew to follow word by word this new translation which so frequently, and often radically, diverges from the well-known versions. (xviii–xix, diin ng kasalukuyang manunulat; tgn. ang buong pagtalakay ni Dahood dito sa xvii–xxv)

Tulad ng nabanggit na sa itaas, ang mga salungguhit[30] ay tumatayong katugma sa mga salitang Hebreo sa tula.

Slm 109

Sa direktor. Isang salmo ni David.
Diyos ko, sa awit kong papuri,
huwag kang magíng bingí!
Dahil ang bibig ng tampalasan,
at ang bibig ng mapanlinlang
laban sa akin nangákangangá.
Inuusig nila ako sa pamamagitan ng dilang bulaan,
at sa pamamagitan ng mga salitang may-muhì pinaliligiran nila ako.
Kinákaaway nila akong walang kadahí-dahilán:
kapalit ng pagmamahal ko
sinisiraan nila ako, patí na ako!
Dalangin ko kanilang ikinákargang tunay sa aking utang,
ang kasamaan kapalit ng aking kabaitan,
ang pagkamuhì kapalit ng aking pagmamahal.
Mágtalagá ka laban sa kanya niyong Masamâ,
at si Satanas bayaang tumayo sa kanang kamay niya!
Sa paglilitis sa kanya, bayaang lumabas siyang may-sala,
at ang kanyang pagsamo nawa'y maging kasalanan!
Maging kakaunti nawa ang mga araw niya,
ang katungkulan niya bayaang may kumuhang iba!
Nawa mga anak niya mangaulila sa ama,
at asawa naman niya, isang biyuda!
Bayaan ngang mágpagalá-galà kanyang mga anak sa págpapalimós!
Nawa'y siyasatin ng tagatasa ang pamamahay nila!
Nawa'y samsamín ng tagapagpautang ang lahat-lahat ng mayroon siya,
at dambungin ng mga dayuhan ang pinagpaguran niya!
Huwag bayaang sa kanya'y may maggawad ng gandang-loob,
ni magdalang-habag sa kanyang mga naulila sa ama!

[30] _ = unang salitang Hebreo; _ = ikalawang salitang Hebreo; ... = ikatlong salitang Hebreo; _ _ _ _ = ikapat na salitang Hebreo; ~~~ = ikalimang salitang Hebreo (kapag mayroon); ▬ = ikanim na salitang Hebreo (kapag mayroon).

13 Mangyari nawang kinabukasan niya'y maputol,
mula sa buhay sa kabilâ mapahì nawa ngalan niya!
14 Italâ nawa kabuktutan ng ama niya
—ni El na POON—
Kasalanan naman ng ina niya'y huwag bayaang mapahì!
15 Nawa ang mga iyon sa harap ng POON mamalagì,
habang pinuputol niya mula sa lupa kanyang alaala!
16 Palibhasa di siya nakákaalaalang magmagandang-loob,
manapâ inuusig niya taong dukha't dahop,
at ang nasiraan ng loob kanya pang tinangkang pakáutasín.
17 Gayong mahilig siya sa panunumpa,
dumáratíng at dumáratíng ito sa kanya.
Gayong di siya nasisiyahan sa págpapalà,
lumalayo't lumalayo ito mula sa kanya.
18 Nagdamit siya ng panunumpa na parang balabal niya,
at tumiím itong parang tubig sa kanyang lamang-loob,
at parang langis sa kanyang mga butó.
19 Bayaang para sa kanya iyon ay maging parang barong nakabalot sa kanya,
at parang sintás, palaging bayaang ipambigkis niya.
20 Kahihiyan bilang pabuyà ng mga mánininírà sa akin
—paramihin mo nawang mákasandaán, O POON—
At kahihiyan bilang pabuya ng mga nangungusap ng masama laban sa akin!
21 Kaya ngâ, halika, POON, Panginoon ko!
Paghimalaán mo ako,
pakundangan sa 'yong Ngalang káybaít!
Sa pamamagitan ng gandang-loob mo, sagipin mo ako!
22 dahil dukha't dahop ako,
at puso ko'y sinibát sa loob ko.
23 Gaya ng anino talagang napípipís ako,
at pumapanaw ako;
nalipasan ako ng págkabatà, talagang tumanda ako!
24 Mga tuhod ko'y nangángatóg sa pag-aayuno,
at ang katawan kong matipunò'y naging patpatin.
25 Yaong mga sumasalubong sa akin, naging pagdusta ako sa kanila.
Nakikita nila ako, iníilíng nila kanilang ulo.
26 Saklolohan mo ako, POONg Diyos ko!
Iligtas mo ako ayon sa gandang-loob mo!

27 Upang matalastás nila, na sa pamamagitan ng ‘yong kamay ginawa mo ito,
na ikaw, POON, siyang gumawa nito!
28 Bayaang manumpâ sila,
basta’t ikaw mágpapalà!
Magsibangon nawa sila para lang mápahiyâ,
samantalang lingkod mo nama’y matútuwâ!
29 Magsuot nawâ mga máninirà ko ng kanilang kawalang-dangal,
at mabihisan nawa sila ng kahihiyán nila na parang balabal!
30 Pasasalamatan ko ang POON Siyang-Dakila sa pamamagitan ng bibig ko,
at sa gitna ng mga matatandâ pupurihin ko siya.
31 Dahil tátayô siya sa kanang kamay ng daḥóp,
upang magligtas mula sa kanyang hukom sa buhay niya.

2.4. Isang Teolohikong Pagmumuni-muni sa Slm 109

Malamáng na higit sa dalawang milenyo’t pitong dantaon ang nakalipas mula ng kathain ng isang tumanda nang makatang nasanay sa panunula, na nakaugat hindi lamang sa kanyang Kalinangang HKS kundi higit sa lahat sa kanyang pananalig sa POONg Diyos ng Tipan, na kanyang pinaglilingkuran at nais na sandigan bilang kanyang Dakilang Hukom at Tagapagligtas,[31] ang Slm 109. Ang paglalarawang ipinakita niya tungkol sa kanyang di-makatarunga’t di-makatuwirang kinasasadlakan ay isang pangyayari hindi lamang ng matagal nang kahapon kundi maging hanggang ngayon, hindi lamang sa may kalayuang Gitnang Silangan kundi mismo rito sa ating mga Kapuluan. Batay sa inayos na tekstong Hebreo, pati na sa mga paliwanag na kadahilanan nito alinsunod sa mga isinulat ni

[31]Sa tingin ng kasalukuyang manunulat, may mahigpit na kaugnayan ang pagsasaayos ng tekstong orihinal sa mga pangunahing katangiang ginamit ng makata sa banal na tulang ito. Isa siyang dalubhasang makatang mainam na gumamit ng iba’t ibang mga kagamitang pampanitikan ng kanyang kalinangan. Hindi na kailangan pang ipagdiinang ang tinatawag na *parallellismus membrorum* (ang pagkakabalalay ng mga sangkap ng Hebreong tula, at gayundin naman ng Ugaritiko) ang pinakamahalaga at pinakapangulo sa mga kasangkapang pampanitikang ginamit ng salmista sa pagkatha ng kanyang tula. Malinaw ito sa mga ilalahad na mga puna at higit sa lahat sa naabot na bagong salin sa Tagalog ng may-akda ng sanaysay na ito.

Dahood na simulaing panunula sa Hebreo't Ugaritiko, at sa kaugnay na salin niyon sa wikang Tagalog, nais ng kasalukuyang manunulat na pagnilayan natin ang marahil iniiwasang awit na ito dahilan sa lipos ng mga panunumpang kinaáalawasán marahil ng karamihan sa atin bilang mga Kristiyanong mananampalataya.

2.4.1. Ang Panawagan (bs 1). May karapatan ang tumandang salmista na managhoy at manumpang maski tayo ngayon ay nakapangingilabot na pakinggan. Subali't sa gitna ng mga ito, hindi siya nawalan ng loob dahil talos niyang lubos kung kanino siya sasandig, kagaya ng kanyang mga ninunong nanaghoy rin sa mga panahon ng kagipitan. Susundan niya ang kanilang halimbawang tahasang manawagan sa POONg Diyos ng Tipang pinanánaligan. Gayón, sa simula't simula ng salmo, ipinahayag niya ang kanyang matibay na pananalig: "Diyos ko,[32] sa aking papuri huwag ka ngang maging bingi!" Mananaghoy siyang walang hiyá-hiyâ. Ito ang tulak ng kanyang bibig ngunit papuri talaga ang kabig ng dibdib! Papuri sa POON Siyang-Dakila ang masidhi niyang ibig, gayong iyon nga ang gagawin niya sa katapusan ng panunulang nananalig.[33]

---

[32]Isang panaghoy ang salmo; kung gayon, katugma ng iba pang mga salmong panaghoy na isahan (hal., mga Slm 51,2; 55,2; 64,2; 69,2; 70,2; 77,2; 88,2; 102,2; 120,2; 130,1; 140,2; 141,1; at 143,1), nagsisimula ang salmista sa pananawagan nang tahasan sa Diyos sa pamamagitan ng pantawag sa kanya ng *ʾelōhīm* o *yhwh*, atbp. Kaya tama ang mungkahi ni Dahood na sa halip ng katatayuang binanghay na *ʾelōhēy*, pinapatinig ang panibagong *ʾelōhay*, "Diyos ko." Tgn. Dahood, *Psalms III*, 99.

[33]Sagana ang mga paglangkap na ginamit ng makata sa tulang ito; sa pamamagitan ng pantulang gamit na ito, naipakikita ang pagkakáma-kamâ o pagkakaugnay-ugnay ng buong tula o ng isang bahagi ng tula sa ibang bahagi nito. Mayroong anim at ang una'y sa pagitan ng bs 1 at bs 30. Nasabi na ngang isang panaghoy ang ating salmo; gayumpaman, ninais ng salmistang páunáng ihayag ang kanyang matibay na tiwala sa POON sa pagtawag sa tula na isang *tᵉhillāh*, "awit na papuri." Ipinamalas niya ang paglangkap sa gamit ng ugat na *hll* sa bs 1 (*tᵉhillātī*, "awit kong papuri") at sa bs 30 (*ʾᵃhalᵉlennū*, "pupurihin ko siya"). Pahiwatig ito ng kabuuan ng salmo mula sa iisang makata. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 100.

2.4.2. Ang Kalalagayan ng Salmista (bss 2–5).[34] Bibig[35] niya'y tumatanaw ng utang-na-loob di-tulad noong sa kanyang mga máninirà na pawang kabulaana't panlilinlang[36] ang ibinubulalas sa kanilang paghahabol sa kanya't pagpaparatang ng isang mabigat na krimeng maaaring parusahan ng kamatayan. Para silang mga lobong nanunugis sa kanilang másisilà, at ngayong nasukól ang biktima at nakapagsampa sila ng sakdal sa bulok na hukuman ay nakapaligid at sa kanya'y umuungol,[37]

---

[34]Tingnang mabuti ang ginawang pagsasaayos ng mga bersikulong ito sa Hebreong teksto (p. 124): ang bs 2a+2b+2k ang bumubuo ng unang linya; ang 2d+3a ang ikalawa; ang 3b+4a+4b ang ikatlo; ang *tᵉpillāh* 5a+5b+5k ang ikapat. Kayâ, tatluhang kola, dalawahang kola, at dalawang dalawahang kola.

[35]Sa ikalawang paglangkap na ginamit ng makata, susi ang bibig (bs 2 [*pī*; 2 ulit] at bs 30 [*bᵉpī*]). Pasalungat din gaya ng unang-unang paglangkap sa bs 1 at bs 30 sa pamamagitan ng ugat na *hll*. Inihahambing ng salmista ang bibig ng mga tampalasang mapanira doon sa kanyang sariling bibig, na sa katapusan ng salmo'y tahasang magpapasalamat sa Dakilang POON at kasama ng kanyang kinabibilangang matatanda'y magpupuri sa kanya. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 100.

[36]Gumamit ang salmista sa mga bss 2a+b ng pagkakatimbang ng mga pangngalang abstrakto't kongkreto; sa pagtambal ng kongkretong *rāšaʿ* sa abstraktong *mirmāh*, "panlilinlang", ipinamalas ng makata ang ganitong gawing pantulang Hebreo-Ugaritiko, na matatagpuan din, hal., sa Slm 107,42. Kung gayón, hindi na kailangan ang panibagong pagpapatinig noon para gawing abstrakto ang *rešaʿ*, gaya ng ipinanunukala ng aparato ng BH(3) at ng BHS(5). Tgn. din ang Kas 14,25 kung saan ang kongkretong *ʿēd ʾᵉmet*, "isang saksing makatotohanan," ay katimbang ng abstraktong *mirmāh*, "panlilinlang," subali't salamat sa paralelismo, mayroong pakahulugan itong "ang mánlilínlang." Tgn. Dahood, *Psalms III*, 100.

[37]Laman ng bss 2d–3a ang isang kiasmo:

dibbᵉrū ʾōtī (A) + *lᵉšōn šāqer* (B) //

wᵉdibrē šinʾāh (B') + *sᵉbābūnī* (A')

Natatangi rin ang linyang ito sa pagkakaroon ng timbang ng palaugnayan (pandiwa + tuwirang nilalayon - akusatibo ng pamamaraan // akusatibo ng pamamaraan - pandiwa + hulapi) at ng bilang ng mga pantig (9:9). Sa pamamagitan ng kiasmo at ng timbang ng palaugnayan, napalilitaw nang husto ng makata ang maigting na kagipitang kanyang kinalalagyan. Waring sa magkabi-kabilang

nakanganga,[38] at naglalaway para lapain ng kanilang mga hinabing sakdal at maling mga paratang upang siya'y maipapatay![39] Mga walang-hiyang walang utang-na-loob sa lahat ng gandang-loob na ipinamalas niya sa kanila. Ganito pa ang kanilang isusukli! Kailanma'y hindi nalimutan ng inabáng matuwid na kung hindi man niya masilayan sa mundong ibabaw ang katuwira't katarungan, sa paghuhukom pagkamatay[40] ay tiyak niya itong makakamtan. Ganito nga ang karaniwang pananalig ng isang tao o grupong nanaghoy sa mga Salmo.

---

dako'y nakaumang sa kanya ang makamandag na paninirang lipos ng pagkamuhi. Mismong ang masinop na bilang ng mga pantig na 9:9 dito at gayundin sa mga kalapit na bss 2 (4:4:5), 3b–4b (8:6:7), at 4b–5 (9:6:9) ay nagkakatlig ng masinop na binalak na sabwatan.

Laman din nito ang kaibang pakahulugan sa *dibbᵉrū* at ang pinatinigang panibagong *'ōtī* (tanda ng akusatibong may hulapi) sa halip ng TM na *'ittī*, "kasama ko." Tgn. Dahood, *Psalms III*, 100.

[38]Mas angkop na basahing *pūtāḥū* ang pandiwa, na balintiyak na qal sa halip ng tahasang tinig ng TM na *pātāḥū*, gayong karaniwang mayroong palipát na kahulugan ang anyong tahasan nito. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 100.

[39]Isa sa mga kasanayan ng panunula ng makata ay ang pagkakabagay-bagay ng gamit ng mga metapora. Inilalarawan niya na ang bibig ng tampalasa't ng manlilinlang ay nakanganga gaya ng sa mababangis na halimaw na nagháhaból ng kanilang másisilà. Ihambing sa Pan 3,46–47—"Lahat ng aming mga kalaba'y nagngangá ng kanilang mga bibig laban sa amin; isang pangkat at isang bitag ang naghihintay sa amin"—at Slm 22,14—"Ngináng angahán nila ako, parang leong nanlalapa't umaatungal." Marahil ang kilalang-kilalang paghahambing sa Biblia sa dila ng isang halimaw na mabangis ay ang sinulat ni Jaime sa 3,7: "Dahil bawat uri ng hayop at ibon, reptilya't mga nilalang ng dagat, ay mapaáamò, at napaamò ng tao, subali't walang taong makapágpaamò sa dilà." Tgn. Dahood, *Psalms III*, 100.

Tingnan din ang metapora ng pagligid sa kanya ng kanyang mga kaaway, gaya ng sa mga Slm 22,17, kung saan inilalarawan ng *sᵉbābūnī* ang kilos ng mga asong pumapalibot sa kanilang biktima, at 35,16: "Ang mga nakapalibot na mánlilibák sa akin nagngalit sa akin ng kanilang mga ngipin." Tgn. Dahood, *Psalms III*, 100.

[40]Maging hanggang sa kasalukuyang panahon, binabaka pa rin ang ganitong suliranin tungkol sa patuloy na pag-iral ng kawalang-katarungan sa mundong ito, lalo na noong nakaraang dantaon at maging hanggang sa bagong milenyo't dalawang dekada na ang nakalipas. Ang inaral ni G. Lohfink, isang Alemang

Totoong walang anumang magagawa ang ganitong uri ng mga tao kung marangal at makatotohanan ang sistemang pinaiiral sa pamahalaan at lipunan. Nguni't sa abá ng pamayanan, naglipana ang mga hukom na bulok na nagpapadulas ng mga kamay sa suhol sa mga may bulok ding puso't isipang kumakasangkapan sa kanilang impluho, salapi't kapangyarihan sa una pa mang pagsisiyasat kung mayroong ebidensiya nga ba sa habláng isinampa upang mahukuman o kaya'y simpleng ibasura ang inimbentong kaso na isang kabaliwa't walang kakuwenta-kuwenta. "O Dakilang Hukom, huwag kang magbulag-bulagan sa debotong sa iyo'y pumopoon"—ganito nga rin ang maaaring sambitin ng kahabag-habag nating makata.

Matapos na mailarawan ng salmista ang naganap na mga kilos ng mga walang-utang-na-loob na kumaaway sa kanya't nagsakdal sa isang bulok na hukuman, nakiníkitá-kitá niya ang posibleng mangyayari sa kanya: lilitisin siya sa isang paraang parang komedya hanggang sa mahatulan siya ng kamatayang mayroong napakabigat at napakalaking kahihinatnan sa kanyang posibleng maiiwanang mga mahal sa buhay at pati na sa kanyang mga ari-arian.[41] Kung ganito ang natalastas niyang

---

teologong bibliko, tungkol sa mga paksa ng huling panahon (eskatolohiya) sa kanyang aklat na *Is This All There Is?* ay lubhang makabuluhan:

> Human courts are helpless in [the] face of the immeasurable potential for injustice in the world; indeed, they are themselves involved in that injustice. Ultimately they are unable either to establish adequate justice or to uncover the depths of worldwide injustice, which is the result of human freedom for good or evil. Only God can reveal human history in all its dimensions. And only God can really, universally, and above all finally create justice … and therefore there must be a divine judgment. A world that is not judged would be a world without hope, without purpose; it would be worthless. Every religion that has considered the fate of the human after death has proposed that there will be a judgment.… (G. Lohfink, *Is This All There Is?* [Collegeville, MN: Liturgical Press Academic, 2020], 147–148)

[41]Kaugnay sa situwasyong ito ay ang nakalílitóng págpapalít-palit ng bilang sa tekstong Hebreo mula sa maramihan hanggang bs 5 tungo sa isahan sa mga bss 6–19. Balikan ang balangkas na ipinanukala ni Dahood sa 2.2 sa itaás. Paganito, walang nagiging suliraning pambalarilang kailangang bakahin. Ito ang

magiging kalagayan niya at ng may pitak sa kanyang puso, nasaan ang katarungan ng POON? Talagang sa harap ng hukuman sa lupa ng kanyang kapanahunan ay wala siyang kalaban-laban. Dukha siya't dahop at gayon nga ang ihahayag na tingin niya sa sarili sa harap ng POONg kanyang Diyos. Tanging sa kanya lamang makakatagpo ng paglaya't kaligtasan!

2.4.3. Ang mga Panunumpa ng Salmista sa Bulok na Hukom sa Diwa ng Lex Talionis *(bss 6–19).* Gayumpaman, nais niyang mailapat ang *lex talionis*, ang katarungan ng makatwirang pagganti.[42] Hindi siya nag-iisa sa ganitong panimdim. Mismong ang isa pang makata ay nagtaguri sa POON na *'ēl nᵉqāmōt*, "Diyos ng paggantí."[43] Sa pagsagip niya sa mga sinisiil at sa pagparusa niya sa mga masasama, ipinagmatuwid ng POONg Diyos ang kanyang Batas; dahilan dito, pasasalamat ang nauukol sa kanyang nagbigay sa hiling ng salmista sa Slm 94.[44] Hindi

---

dahilan kung bakit hindi niya matanggap ang kuru-kuro ni A. Weiser sa kanyang komentaryo sa mga Salmo:

> Ang pagbabago mula sa maramihan sa mga bss 1–5 at 20ss tungo sa isahan sa mga bss 6–19 ay maipaliliwanag lamang nang kasiya-siya kung ang mga bss 6–19 ay ipaliliwanag bilang pagsipi ng mga panunumpang ipinatatama laban sa salmista. (A. Weiser, *The Psalms: A Commentary*, Old Testament Library [London/Philadelphia: 1962], 691; salin ng kasalukuyang manunulat)

Sa ibang salita, inilalagay ni Weiser ang mga bss 6–19 sa loob ng mga panipi. Kung wasto ang kanyang paglutás sa suliranin ng nasabing pagbabago, ang suliranin ng mga tagapagtanggol ng pananampalatayang Judio at Kristiyano, na dapat magpaliwanag ng mga kakila-kilabot na panunumpang ito sa loob ng balangkas ng pagbubunyag, ay lubhang mapagágaán. Sa kasamaang-palad, nanánatilì ang suliranin (tgn. Dahood, *Psalms III*, 102).

[42]Marahil isa ring dahilan ito na nagtulak kay Weiser, gaya ng nabanggit sa sinundang talâ 40 sa itaás tungkol sa suliraning pambalarila, ang suliranin ng panunumpa sa loob ng balangkas ng pagbubunyag na mabathala.

[43]Slm 94,1.

[44]Basahin ang buong salmong ito, at upang maliwanagan din ang tamang pagtingin sa Slm 109.

nga pinamagatan kailanman ng ating kasalukuyang makata ang Diyos na tagaganti; gayumpaman, yoon ang nasa kanyang puso. Ang habol niya ay lumantad ang tunay na katarungan ng Diyos! Masasabi rin natin dito ang kawangis na nabanggit sa itaas: panunumpa ng masasama ang kanyang bukambibig subalit pasasalamat ang kabig ng kanyang dibdib na ihahayag ng Diyos ang kanyang katarungan at katuwiran, gaya nga ng pasimulang pahayag ng ating salmista: "Diyos ko, sa awit kong papuri, huwag kang magíng bingí!" Kung gayón, ang kiníkitá-kitá niyang magiging kalalagayan niya sa kamay ng kanyang mga malisyosong máninirà ay iyon nga rin ang kanyang hihilingin sa mga nakakakilabot na mga samo sa mga bss 6–19, na higit sa lahat ay nauukol sa bulok na hukom. Ang pangingilabot kayang ito sa mga panunumpang nasa mga nasabing bersikulo ang nagbunsod sa mga liturhista ng Simbahang Romano na isantabi't hindi isama ang Slm 109 sa dasalang opisyal ng Simbahan, sa Liturhiya ng mga Oras? Isa itong malaking katanungang dapat nating bakahin, gayong ang mga karanasang kawalang-katarunga't katuwiran ng ating makata ay mga karanasang sinasagupa maging hanggang ngayon sa iba't ibang dako ng mundong ibabaw na ito. Hindi ito maisasantabi kung di natin ibig na bumagsak sa tinatawag na globalisasyon ng pagwawalang-bahala sa halip ng pagmamalasakit!

Sa karanasan ng kawalan ng katarunga't katuwiran at sa pagkasukol sa kagipitan, nadadala ang puso't isip ng tao sa huling panahon.[45] Pagsapit ng takdang oras, haharap ang bulok na hukom sa mismong mabathalang hukuman at mismong si Satanas na ubod ng samá't

[45]Sa pamamagitan ng isang paglangkap sa pagitan ng mga bss 7 (*lᵊhiššopṭō*) at 31 (*miššōpᵉṭī* [TM *miššōpᵉṭē*]), sa paggamit ng salitang ugat na *špṭ*, ipinakitang muling pasalungát ng makata ang paghahambing ng kasasadlakan ng bulok na hukom sa harap ng hukumang mabathala pagkamatay niya at sa lubos na pagtutuwid sa salmista, na kanyang inaasahan sa napipintong paglilitis sa hukumang bulok. Samantala, dalangin niya para sa bulok na hukom ay tumayo si Satanas sa kanang kamay nito hindi bilang tagapagtanggol kundi bilang tagapagsakdal. Sa katapusan nama'y tiwalang-tiwala ang ating makata na mismong POON ang siyang tatayo sa kanang kamay niya upang magtanggol at magligtas sa kanya mula sa bulok na hukom. Isa na namang pahiwatig itong ang kabuuan ng tula ay mula sa iisang makata. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 102.

Ama ng lahat ng mga Kasinungalingan ang siya nawang itatakdang tumayong tagapagsakdal. Tiyak na ihahayag na siya ang maysala't tatanggap ng parusa.

Subali't hangad at dalangin ng banal na makata na ang katarungan ng Diyos ay masasaksihan hindi lamang ng mga inapi't siniil kundi rin naman niyong napatangay sa simbuyo ng kasamaa't kabulukang pinagtatakpan ng balatkayong "maayos" daw na palakad at pamamahala. Kung ang ninasa para sa salmista ng kanyang mga karumal-dumal na mapanirang mga kaaway ay parusa tungo sa tiyak na kamatayan, bagama't walang tunay na kadahi-dahilan, magbalik nawa sa bulok na hukom ang pagnanasang ito na para bang isang tadhanang karma. Desperado nga ang salmista sa mga masidhing hiling na sumpa't mura. Pakinggang muli ang masidhing panunumpa ng ating makatang sukól na sukól.[46] Napakatindi talaga ang mga panunumpang itong umabot sa kabaligtarang hangarin ng unang-unang utos na kaugnay sa kapuwa sa "Sampung Utos" ng Tipán.[47] Kayâ sa dakong katapusan ng seryeng ito, gumamit ang salmista sa bs 14 hindi lamang ng isang kiasmo kundi rin naman ng lunduang parirala, ang bukod-tanging dobleng gamit na panturing na tumutukoy kay El na POON.[48] Ang magkasalungat na

[46]Basahing muli ang bss 8–15!

[47]Kung kaakibat ng ikapat na utos na *kabbēd 'et 'ābīkā wᵉ'et 'immekā* ang pangakong *lᵉmaʿan yaʾᵃrīkūn yāmekā 'al hāʾᵃdāmāh* (Ex 20,12), naunahan pa ang hiling na ito ng samong *yihyū yāmāyw mᵉʿaṭṭīm* sa bs 8a.

[48]Narito ang balangkas ng nasabing kiasmo at panturing na may dobleng gamit na parang lunduang salita o parirala sa bs 14:

yizzākēr (A) + *ʾᵃwōn ʾᵃbōtāyw* (B)

(K)—*'ēl yhwh*—(K')

wᵉḥaṭṭa't 'immō (B') + *'al timmāḥ* (A')

Natatangi ang ganitong balangkas sa tulang Hebreo't Ugaritiko, na ang sangkap na K at K' ay magkaparehong kaugnay at tumuturing sa una't ikatlong kolon; sa palaugnayan ang *'ēl yhwh* ay ang akusatibo ng tagakilos ng pandiwang balintiyak na A at ng pandiwang paatás na pinahíhindiáng A'. Mangyari pa, sa ganitong pagsusuri ng sukat at balarila ng bs 14, pinatinigang panibago ang TM na *'el*

pandiwang *yizzākēr* at ang pinahindiáng *timmāḥ*, na nasa magkabilang-dulo ng una't ikatlong kola ng bs 14, ay magkaparehong nagpapahiwatig kung gaano kabigat ang mga kasalanan ng kanyang mga magulang, at ang nakakakilabot pa nito: mismong si El na POON ang magtatalâ o di buburá[49] sa kanilang mga sala, maging ng ama o maging ng ina ng bulok na hukom! At ganap na mangyayari ito ayon naman sa pahiwatig

---

yhwh at ginawang *'el yhwh*; kung gayon, dapat isantabi ang panukala ni H. Gunkel (*Die Psalmen*, Handkommentar zum Alten Testament [Göttingen: 1926]), ayon kay Dahood, na kaltasín ang mga salitang ito batay sa saling Siriako. Dapat ding bigyang-pansin bagama't máramihan ang panlalaking *'ᵃbōṯāyw*, na malinaw mula sa kabalalay nitong *'immō* na dapat unawai't isalin itong ísahan. Iyon ay nasa maramihang pangkamáhalan gayong tumutukoy "ang ama niya" sa isang taong may mataas na katungkulan (bs 8). Itong-ito ngâ ang gamit na nasa Is 14,21: *hākīnū lᵉbānāyw maṭbēᵃḥ baʿᵃwōn 'ᵃbōtām*, "Ihanda ninyo para sa mga anak niya ang pagpatay dahil sa kabuktutan ng kanilang ama," kung saan ang maramihang pangkamáhalang *'ᵃbōtām* ay tumutukoy sa hari ng Babilonia. Kapansin-pansing 8:3:8 ang bilang ng mga pantig ng bersikulong ito. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 104–105.

[49]Kinakitaan din ni Dahood sa bs 14 at pati sa sinundang bs 13 ang pagkakatugma ng metaporang ginamit ng makata tungkol sa aklat ng buhay. Kaugnay sa mga Slm 37,37 at 73,17, ang pakahulugan dito ng *'aḥᵃrītō* ay "kabiláng buhay." Makikita rin ang ganitong kahulugan sa Aramaikong Inskripsiyon ng Agbar, mga linya 9–10: *wʾḥrt tʾbd*, "At kinabukasan niyang buhay nawa'y mapawi." Kahawig ang ganitong panimdim na Aramaiko sa panunumpa ng Biblia. Sa pagkilala ng ganitong kahulugan, nabibigyan ng katuturan ang Blg 23,10b: *tāmōt napšī mōt yᵉšārī-m* (TM na *yᵉšārīm*) *ūtᵉhī 'aḥᵃrītī kāmōhū*, "Nawa mamatay buhay niya [ang kay Jacob] ng kamatayan ng isang matuwid, at nawa kinabukasan niya [ang kay Israel] ay maging katulad ng kanya." Kasingkahulugan ang *dōr 'aḥēr* sa *'aḥᵃrītō*, "kinabukasan niya" ng unang kolon. Sa ibang salita, kaugnay na kaugnay ang bersikulong ito sa Slm 69,29: "Burahin nawa sila mula sa balumbon ng buhay, / at kasama ng mga matuwid di nawa sila mápatalâ!"

Napananatili ang pagkakátugma-tugmâ ng metápora ng mabathalang tagatalâ kapag bibigyan ng pakahulugan ang *yizzākēr*, na karaniwang isinasaling "alalahanin nawa," ng "italâ nawâ," na tinalakay sa Slm 79,8: "Huwag mong italâ laban sa amin mga sala ng aming mga ninuno!" Ipinagpapatuloy naman ng patangging hangaring *'al timmāḥ* ang metápora ng *bookkeeping*, na pinasimulán sa unang salitang Hebreo ng bs 14, ang *yizzākēr*. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 103–104.

ng ganap na bilang ng mga pantig (8:3:8) ng pampanitikang balangkas na nabanggit.

Bayaang itambad ng POONg Diyos ang kanyang katarungan, at ipagmatuwid niya ang kanyang mga deboto maging sa daigdig na ito! Katarungan ng Diyos ay mangulo sa langit, subalit gayundin naman dito sa lupang ibabaw! Hindi ba pamamathala niya'y hindi lamang sa kabilambuhay kundi sa daigdig din na atin pang ginagalawan—sa madaling salita, saanman, ngayon, at magpakailanman?![50]

Kahit bulok na hukom ang nakaupo sa kasalukuyang pinag-uusapan, iginalang pa rin ng banal na makata ang katungkulan ng paghuhukom at ang mismong hukuman.[51] Kung gayon, dasal niya'y pumanaw nawa ang bulok na hukom at mapalitan ng isang may simulain at tapat sa Banal na Tipan, gayong ang dinadalanginan ng makata ay mayroong pamagat na si El na POON[52] o ang POONg Diyos. Kung anong posibleng mangyayari sa salmista mapatawan siya ng kamatayang parusa, gayon nga ang siyang maganap nawa sa hukom na walang konsiyensiya. Magiging kaawa-awa talaga ang kanyang mga anak na mangangaulila at asawa niyang magiging biyuda.[53] Madali

---

[50]Tgn. ang samo sa Panalangin ng Panginoon: "Sumapit nawang lubós ang paghahari mo!" (tgn. Mt 6,10). Bigyang-pansing nakatumbok ang panalangin ng Panginoon ayon kay Mateo sa kaganapan ng huling panahon sa paggamit niya sa mga hiling ng kapanahunang aoristo sa Griyego.

[51]Sa tingin ng kasalukuyang manunulat, ipinahiwatig ang ganitong panimdim ng makata sa paggamit niya ng maramihang pangkamahalan sa halip ng isahan lamang na *'ābiw*; tgn. talâ 47 sa itaás.

[52]Tgn. din ang talâ 47 tungkol sa panibagong pagpapatinig sa TM na *'el yhwh*.

[53]Ang nakaugaliang pares ng mga salitang magkabalalay na *bānāyw // 'išto*, "mga anak niya // asawa niya," ay natatagpuan din, ayon kay Dahood (*Psalms III*, p. 102), sa C. Gordon, *Ugaritic Textbook*, 4th ed. (Rome: 1965), 2068:19 (na tutukuyin bilang UT sa susunod na gamit)—*'bdn watth wbnh*, "si Abdanu at ang asawa niya at mga anak niya." Sabi ni Dahood, kabilang ito sa umabot nang 290 mga pares ng mga salitang magkakabalalay sa Ugaritiko at sa Hebreo; tgn. ang talâ xlviii ng Slm 102,20. Matatagpuan din ang kaparehong paralelismo sa Slm 128,3. Ang magkabalalay ding *ytm // almnt* ay matatagpuan din sa Ugaritiko; tgn. ang talâ 7

silang magiging biktima ng pang-aapi't pagsasamantala! Sa abá nila, alam natin maging hanggang ngayon ang madalas na kabagsakan ng mga dukhang biyuda't mga ulilang pagala-gala sa pagpapalimos para maitaguyod ang buhay na mahalaga,[54] kapit-sa-patalim na nabíbiktimá ng kálakalan ng mga tao sa trabaho raw o maging sa prostitusyon, ang kalakalan ng laman ng tao lalo na ng mga kabataa't kababaihan.

Ang habol talaga ng bulok at ganid na hukom ay ang suhol na malamáng na gárapalan na at walang kahiya-hiyang tinatanggap o tahasa't sápilitang hinihingi dahil ang talagang pinakanánasà ay makamit ang pamamahay at lupang kinatitirikan niyong makatang isinakdal[55]—at hindi lamang ito kundi lahat-lahat[56] ng maituturing na pag-aari nito

---

sa Slm 68,6 na tumutukoy sa tekstong Ugaritikong naglalaman ng magkabalalay na *ytm*, "ulila sa ama," at *almnt*, "biyuda." Tgn. Dahood, *Psalms III*, 102–103.

[54]Sa tingin ng kasalukuyang manunulat, ipinahiwatig ang ganitong napakaselang na katatayuan ng mga naulilang anak ng bulok na hukom sa paggamit ng salmista ng isang *hendiadys* sa bs 10a: Iisa lamang galaw ang tinutumbok ng parang dalawang kilos na paggalà at pagpapalimos—ang mabuhay na parang "isang kahig—isang tukâ." Walang ibang pakay ang paggalà kundi mamalimos at di naman makapagpapalimos kung hindi gagalà.

[55]Napalitáw na magkabalalay din ang *bānāyw // bōtēhem*. Napalilitaw ang katuturan mula sa kumpol ng mga katinig na *dršw mḫrbwtyhm* sa pagbasa ng *dūr^{e}šū* bilang balintiyak na qal, na sinusundan ng akusatibo ng tagakilos na *mōḫēr* (tgn. bs 14), ang pandiwari ng **māḫar*, ang ugat ng *m^{e}ḫīr*, "halaga, upa," na matatagpuan sa Slm 44,13. Hindi mapipintasan ang kinalabasang paralelismo sa pagitan ng *mōḫēr* at ng *nōšeh*, "tagapagpautang" ng bs 11. Sinasalamin ng mga huling katinig na *bwtyhm*, na dapat patinigang *bōtēhem*, ang anyong maramihang *bwtm*, "mga bahay," sa Ugaritiko. Mahalaga ito sa tamang pagpapaliwanag ng Hebreong *bottīm*, at hindi ang anyong *bāttīm*, tulad ng ipinagdiinan ni C. Gordon sa UT, Glossary, No. 463. Tgn. Dahood, *Psalms III*, p. 103.

[56]Gayong sa ibang sipi kumukuha ang pandiwang *y^{e}naqqēš* ng isang tuwirang nilalayon, maipanunukalang mainam dito sa bs 11 na suriin ang *l^{e}kōl* bilang *lamed* na pandiin at ang *kōl* bilang akusatibong nilalayon. Matatagpuan ang isa pang halimbawa ng pandiing *lamed* sa bs 16 at sa *l^{e}kōl* sa Slm 135,11 at 145,16. Tgn. din ang 1 S 22,7: *l^{e}kull^{e}kem yāśīm śārē '^{a}lāpīm w^{e}śārē mē'ōt*, "Bawa't isa sa inyo ay gagawin niyang mga pinuno ng líbuhan at mga pinuno ng dáanan" (sa kagandahang-loob ni W. Kuhnigk, ayon kay Dahood [*Psalms III*, 103]); tgn. Ecles 10,3; atbp.

para mapaghatian ng mga buhong na mga kasapakat na maninirang nagsampa ng kaso. At kung mayroong ano pa mang matira, maski mga dayuha't di-kaanu-ano, ay sisimot ng anumang kanyang pinagpaguran at naging kita. Talagang masinop maglimás ng hindi kanila, masahol pa sa mga buwitre! Kahindik-hindik na kawalan ng katuwirang babayaang ganoon na lamang? Tunay na pagpapamaralita ng isang taong may dangal! Ang sigaw ng propeta'y kailangang muling umalingawngaw:

> Kaawa-awa ang nagpápalít sa hatol at nagtatapon ng katarungan sa Lupa! Kinamumuhian ninyo ang nagsasakdal sa hukuman at hinahamon ang nagsasabi ng katotohanan.… Sapagkat alam kong napakarami ng inyong mga kasamaan at napakabigat ng inyong mga kasalanan: pang-aapi sa matuwid, panghihingi ng lagáy, pandaraya sa mga dukha sa hukuman. Kaya walang imik ang matalino sa panahong ito, sapagkat panahon ito ng kasamaan.…[57]

Kung naging gayon kabulok ang isang lipunan, at lalong higit ang mga namumuno rito, nagiging manhid sila sa mga pagdurusa ng kapwa, o nagmamaang-maangan na mga iyon ay nariyan. Kayâ nagiging mga taong walang-awa, walang kaluluwa, walang bahala sa nangyayari sa iba! Ang inaatupag sa loob ng 24 oras ay sarili, sarili, sarili, maging isahan man o maramihan! Nagiging hungkag ang loob; kung gayón, mismong ito nga ang malimit na angal o panaghoy ni Papa Francisco sa ating kapanahunan.[58] At kailanman di dapat limuting ang Anak ng Diyos, na naging-tao tulad natin sa katauhan ni Yeshu'a na taga-Nazaret, ay di-naging manhid sa kalalagayan ng tao't ng buong santinakpan dahil naging kabahagi siya nito, pati na sa kanyang katatayuan ngayong niluwalhati na. Kailanma'y hindi niya itatatuwa ang kanyang pagiging tao! Ilang ulit nating mababasang nagdalang-habag siya (*'esplagxnísthe*) sa dusa't sakit ng mga taong nakapaligid sa kanya? Paganito nga siya naging ating Dakilang Pari.[59]

---

[57]Am 5,7–10.12–13.

[58]Hal., sa kanyang Apostolikong Pangaral na *Evangelii Gaudium* 52–60.

[59]Tgn. Heb 2,16–18.

Nababuhay tayo hindi lamang para sa kasalukuyan. Bulag at tanga ang taong may hangad lamang ng ligaya't tuwang panandalian! Gayon ang dalangin ng isa pang banal at marunong na makata: "Magbiláng ng aming mga araw turuan mo ngâ kami, / upang makamit namin ang ubod ng karunungan!"[60] Nakagigimbal para sa isang may pananalig sa tunay na Diyos na sumpain siyang buhay niya sa kinabukasan ay maputol at ngalan niya'y burahin mula sa aklat ng buhay.[61] Nakakagulat nga ang pangangahas ni Moshe na igiit sa POONg Diyos na ngalan niya'y pahiin mula sa aklat ng buhay kung hindi ito magpapatawad sa

[60]Slm 90,12.

[61]Ang sumpang ito sa bs 13 ay mayroong dalawang pananalitang Hebreong kaugnay sa panitikang HKS. Katumbas ang *'aḥ^{a}rīt* sa Ugaritikong *uḫryt*. Kaugnay sa mga Slm 37,37 at 73,17, ang pakahulugan dito ng *'aḥ^{a}rītō* ay "kabiláng buhay." Makikita rin ang ganitong kahulugan sa Aramaikong Inskripsiyon ng Agbar, mga linya 9–10, *w'ḥrt t'bd*, "At kinabukasan niyang buhay nawa'y mapawi." Kahawig ang ganitong panimdim na Aramaiko sa panunumpa ng Biblia. Sa pagkilala ng ganitong kahulugan, nabibigyan ng katuturan ang Blg 23,10b: *tāmōt napšī mōt y^{e}šarī-m* (TM na *y^{e}šārīm*) *ūt^{e}hī 'aḥ^{a}rītī kāmōhū*, "Nawa mamatay buhay niya [ang kay Jacob] ng kamatayan ng isang matuwid, at nawa kinabukasan niya [ang kay Israel] ay maging katulad ng kanya." Sa kanyang artikulong "The Death of the Upright and the World to Come" (*Journal of Jewish Studies* 16 [1965]: 183–186), sinipi ni S. Loewenstamm ang kuru-kuro ng komentador na Judiong medyebal na si Nahmanides na nakakita sa *'aḥ^{a}rīt* ng buhay sa mundong parating. Hindi niya tinanggap ang ganitong paliwanag dahil "ang mundong parating" ay isang kaisipang lubos na banyaga raw sa kapanahunan ni Balaam. Subali't ang kanyang pag-ayaw na ito ay isang maginhawang pagwawalang-bahala sa Ugaritikong *uḫryt*, "kinabukasang buhay," at sa mga tekstong naglalarawan ng buhay magpakailanman. Matatagpuan naman ang pananalitang *māḥāh b^{e}*, "pahiin mula sa," ng bs 13b sa Penisyong Inskripsiyon ni Azitawaddu; ihambing sa Slm 69,29.

Kaisa ng gawing Ugaritiko, gumamit din dito ang salmista ng tinatawag na englitikong *mem*. Malamáng na sa mga katinig na *šmm* ay matatagpuan natin ang pangngalang *šēm* na sinusundan ng englitikong *mem*, na nagsisilbi rito bilang panghaliling ma-estilo sa hulapi. Kung magkagayón, nakikibahagi ang *šēm* sa isahang hulapi ng katambal nitong *'aḥ^{a}rītō*; tinalakay ang ganitong estilo sa taláng kaugnay sa Slm 10,17. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 104. Gayon, hindi kailangang sundin ang mungkahi ng BHS$^{(5)}$ na palitan ang huling *mem* ng *šmm* at gawing *šmw*.

kanyang bayan.[62] Paganito, nakakamangha rin namang makita ang di-masayod na pag-ibig ni Moshe sa kanyang mga kamámamayáng muling patutunayan ni Sha'ul, na ngayo'y kilala nating Pablo, makaraan ang higit sa labindalawang dantaon, sa isang kawangis na pahayag sa sulat nitong hulí sa mga taga-Roma.[63]

Sa kabaligtaran, manhid ngang tunay ang taong walang pandama sa kasasadlakan ng kanyang mga magulang, na ang kanilang mga sala't kasamaang nagawa ay laging nasa harap ni El na POON. At ang masaklap pa, mismong alaala ng bulok na hukom, na naghangad ng mga panandaliang tagumpay at katanyagan sa buhay na ito sa pamamagitan ng mga gawing bulok at makasalanan, ay lilimutin at isasantabi, na, sa katunayan, ay isang bagay na masakit mismo sa kapanahunang pananaw noon.

Bakit ganito kakila-kilabot ang mga hiling na masidhi't maigting ng makata para sa bulok na hukom? Mismong isiniwalat ng salmista ang kadahilanan. Unang-una, nalimutan niya kung sino nga ba siya, kung sino nga ba ang Diyos na kanyang sinasamba, kung kaninong pamayanan ang kanyang kinabibilangan! Mismong POON ang pumuputol ng kanyang alaala; pagkamatay niya, limót na limót siya.[64] Ito ay dahil nalimutan niyang maggawad ng gandang-loob! Sa halip, para ba siyang isang mabangis na hayop na tumutugis sa dukha't dahop,[65]

[62]Tgn. Ex 32,32. Tanda ito ng kanyang di-masayod na malasakit at pagsinta sa kanyang bayan.

[63]Tgn. Rom 9,1–3. Gayon nga rin ang inihayag ni Sha'ul gaya ng kanyang ninunong si Moshe.

[64]Sa bs 15 ay binabasa ang *zikrō-m*, "kanyang alaala" (na may *mem* na engklitiko), sa halip ng TM na *zikrām*, "kanilang alaala," gayong tumutukoy ito gaya ng *šem-m* sa bs 13 sa bulok na hukom. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 105.

[65]Ganito ang pagkakilala ng salmista sa kanyang sarili, at táhasang ihahayag niya ito sa bs 22.

at ang pusong bigo'y kanya pang pinagtatangkaang utasin[66] sa pusakal na paglilitis at paghukom.[67]

Bukod pa, napakahilig niyang manumpa't magmura nang buong yabang—isang bagay na kanyang kinagigiliwan, na waring isang bisitang kahit di muna kumatok at magtao-po ay malugod na pinatutuloy.[68] Dahilan dito, ang magpalà para sa kanya ay isang gawaing banyagang-banyaga. Naging parang panlabas na kasuotan ang panunumpa't pagmumura para sa bulok na hukom. Ngunit di lamang gayon! Nilalagok niya ang mga iyon, na parang tubig, at ang

---

[66]Kinagawiang binabago ang TM na *l*^{e}*mōtēt* at ginagawang *l*^{e}*māwet*, katugma sa Siriako. Ngunit madaling suriin ang TM na *l*^{e}*mōtēt* bilang pandiing *lamed* na nagpapaigting sa pandiwang polel na *mōtēt*, na napasama sa tálakayan tungkol sa ápatang titik na pandiwa sa Slm 88,17. Bagama't nasa anyong polel dahil galing ito mula sa isang ugat ng tinatawag na *mediae waw*, may batbat na kahulugan ang *mōtēt* na likás sa banghay na po'el, na maayos na nagpapahayag ng pakay o pagsisikap na kumilos lalo nang may tagláy na palabáng pakay; tgn. W. Gesenius, *Hebräische Grammatik*, ed. E. Kautzsch, 25th rev. ed. (Leipzig: 1909), §55k. Tungkol sa paglalagay ng pandiwa sa huli kapag may pandiing *lamed*, tingnan ang kaugnay na talâ sa Slm 25,14 at sa Slm 119,128. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 105–106.

[67]Gumamit na naman ang makata sa bs 16b–16k ng isang kiasmo:

wayyirdōp (A) + *'iš 'anī w*^{e}*'ebyōn* (B)

w^{e}*nik'ēh lēbab* (B') + *l*^{e}*mōtēt* (A')

Tgn. Dahood, *Psalms III*, 105–106.

Paganito napabibigat ang dating ng pagkakasala ng bulok na hukom sa di-pag-alaalang magmagandang-loob at kundi sa halip ay kabaligtaran pa ang inaasal. Ginipit niya nang husto ang dapat niyang ipagtanggol at kaylupit niyang maghangad pang pakautasin ang nasiraan ng loob.

[68]Kilala pa ng matandang makata ang gamit ng datibo. Kaya kinikilala ang hulaping panghalip ng *watt*^{e}*bō'ēhū* sa bs 17b bilang datibo. Ihambing ang kahalintulad na gamit nito doon sa Job 22,21: *bāhem t*^{e}*bō'āt*^{e}*kā ṭōbāh*, "Gayon Siyang-Mabait ay magtutungo sa iyo," kung saan ang *ṭōbāh* ay isang pamagat na mabathalang tinalakay sa Slm 86,17. Para sa iba pang mga halimbawa ng mga hulaping datibo kasama ang *bō'*, "pumarito, magtungo," tgn. ang kaugnay na talâ sa Slm 35,8. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 106.

kakatwang kataka-taka'y parang pinagágalíng at pinagíginhawa siya ng mga iyon, na para bang panlunas na langis.[69] Waring panunumpa't pagmumurá ang pagkákakilanlán sa kanya, parang kanyang DNA! Nakahíhindík talaga! Palatandaan ito ng isang taong nagmanhid sa sarili. At ang nakagígimbal pa ay ang pagkagiliw rin dito ng kanyang mga kasamahan sa kabulukang ipinaiiral sa lipuna't pamayanan. Dahil sa kamanhirang ito sa sariling sáloobin, kinakitaan ng ating salmista ang bulok na hukom na hindi na malulunasan. Nawalan na ang makata ng pag-asang makararanas ng pagbabago sa kanya, liban na lamang sa isang posibleng milagro ng pagmumulagà at pagmamalay na siya'y pasakit hindi lamang sa sarili kundi sa lahat din ng kanyang pinanunungkulan. Talagang ganyan na lamang siya! Nakalulunos at nakalulungkot na naging parang balabal at pamigkis[70] na pang-araw-araw ang pagmumura't panunumpa, maging sa mataas na katungkulang kanyang ginagampanan na mismong siya ang unang-unang dapat na gagalang sa marangal at matuwid na pamamalakad at pamamahala.

Bagama't ganyan ang naging karanasan ng makata at ng iba pang mga nauna sa kanyang humarap sa paglilitis ng bulok na hukom, napanatili pa rin niya ang karampatang paggalang sa hawak niyang katungkulan. Ipinahiwatig niya ito sa paggamit ng maramihang pangkamahalang *'ᵃbōtāyw*, literal na "kanyang mga ama," bilang may kahulugan talaga na "kanyang ama" sa halip ng simpleng ísahang

[69]Sa bs 18 ang mga pangngalang *mayim* at *šemen* ay matatagpuan ding magkasama sa UT, IV:86–87: *tḫspn mh wtrḫṣ ṯl šmm wšmn arṣ*, "Sumalok siya ng kanyang tubig upang makapaghugas sa pamamagitan ng hamog ng langit at ng langis ng lupa." Tgn. Dahood, *Psalms III*, 106. Isa na namang patunay ito ng mahigpit na kaugnayan ng panunulang Hebreo sa Ugaritiko.

[70]Ayon kay Dahood, marahil isang sagisag ang pamigkis ng katungkulang hukom. Sa pamamagitan ng panibagong pagbasa niya ng bs 19 na *ya'ṭehū lᵉmēzaḥ* sa halip ng TM na *ya'ṭeh ulᵉmēzaḥ*, nagkaroon ng magkatimbang na bilang ng mga pantig na 9:9 ang dalawahang kola (tgn. Dahood, *Psalms III*, 106). Gayon, sa tingin ng kasalukuyang manunulat, inangkop nang ganap ng bulok na hukom ang kanyang hilig na manumpa't magmura sa kanyang mataas na katungkulan.

ʾabīw, "kanyang ama."[71] Gayundin, ang pamigkis[72] na gamit niya'y bahagi ng karamtan ng may awtoridad na kanyang tangan, na sa kasamaang-palad ay di niya maayos at matuwid na ginagampanan. Hindi nga kataka-takang makadaloy ang napakahabang panahon na magwiwika muli si Yeshu'a na taga-Nazaret, na kanyang kalahi, sa kanyang mga kapwa Judiong magpitagan sa mga guro ng Batas at sa mga Pariseong nangagsisiupo sa likmuan ni Moshe, na sumunod at gumanap sa kanilang wastong aral ngunit huwag kumilos gaya ng kanilang pagkilos.[73]

Ang haba nga at ang tindí ng panunumpang isinagawa ng makata para sa bulok na hukom, gayong alam niyang gayon nga ang hangad ng mga kaaway para sa kanya. Inilapat lamang niya ang "batas ng pagganti" (*lex talionis*).

2.4.4. Maikling Sumpâ sa mga Máninirà (bs 20). Hindi nalimutan ng salmista ang mga nagsampa ng dinoktor na kasong di naman ibinasura ng napasuhol o humingi ng suhol mula sa kanila para mapadulas ang proseso; magkasapakat sila sa krimen at kasalanan! Mas malaki ang pananagutan ng nanunungkulan. Hindi iiral ang kabulukan kung sa simula't-sapol ay hindi binigyang-pansin ang mga malisyosong máninirà at hindi na nagpadulas sa suhol. Kung gayon, ang panghihiya't[74] pambubusabos na kanilang ginawa sa makata ay babaling sa kanila.

Maikli man ang hiling ng salmista sa POON sa bs 20 para sa kanila, malakas din naman ang paratíng ng makata sa paggamit ng balangkas ng lunduang parirala at ng kiasmo, bagama't di-ganap ang huling kagamitan ni ganap ang bilang ng mga pantig (7:5:9), gaya ng

[71]Tgn. talâ 48 sa itaás kung saan tinalakay ang maramihang pangkamahalan.

[72]Tgn. talâ 70 sa itaás.

[73]Tgn. Mt 23,2–3.

[74]Tgn. ang kasunod na talâ 75 tungkol sa pakahulugang "kahihiyan" para sa Hebreong *ẓoʾt*.

sa bs 14.[75] Kung binigyang-diin ng salmista sa bs 14 na mismong si El na POON ang magtátalâ ng kabuktutan ng kanyang ama at di-papahi ng sala ng kanyang ina, sa lunduang parirala rito sa bs 20 ay binigyang-diin naman niya, sa madaling sabi, na ulit-uliting makasandaan (!)[76] ang maging tadhanang kapahamaka't kahihiyan ng mga kampon ng Ama ng Kabulaanan. Kapansin-pansing ginamit ng makata ang balangkas ng lunduang parirala sa kanyang panunumpa sa magkasabuwat na bulok na hukom (bs 14) at sa kanyang mga naging kaaway (bs 20). Tiyak na mapupuna ang tindi ng sumpa sa ganitong pampanitikang gamit.[77]

2.4.5. Dalanging Taimtim ng Salmista (bss 21–27). Kung sinapantaha ng makatang tanging himala lamang ang makapagbabago sa palámurá't palásumpáng hukom, tiyak na tiyak naman niya ngayong tanging isa ring himala ang makapagpapalaya't makapagliligtas sa kanya mula sa

---

[75]Narito ang kiasmo't lunduang parirala ng bs 20:

zō't pᵉ'ullat (A) + *śōṭᵉnay* (B)

(K)—*mi'ētā yhwh*—(K')

wᵉhaddōbᵉrim rā' 'al napšī (B')

Katulad din ng nasa bs 14 (tgn. talâ 48 sa itaás) ang kasalukuyang bersikulo, bagama't hindi ganáp, gayong gumamit dito ang makata ng elipsis, isang kasangkapang malimit sa mga tulang Hebreo't Ugaritiko. Gumamit din ang makata ng di-karaniwang kahulugang "kahihiyan" para sa Hebreong *zō't* na may ganito ring pakahulugan sa Slm 7,4 at pinagtabi naman sa Job 2,11 kasama ang *hārā'āh*; kung gayon, naging mapanuya ang hiling dito ng salmista sa Diyos para sa mga naninira sa kanya. Katulad ng nakabiting panturing sa bs 14, malimit na kinakaltas ang pariralang *m't yhwh* (tgn., hal., ang aparato ng BHS[5]) dahil sa palagay na walang gaanong silbi ito sa bersikulo. Subalit kung papatinigang *mi'ētā yhwh* at susuriin ang *mi'ētā* bilang perpektong pahilíng na mayroong kapos na pagbaybay at ang *yhwh* bilang pantawag, nalílipós ito ng kahulugan. Ang nagmula sa pangngalang pandiwang *mi'āh*, na pinag-aralan sa Slm 22,26, ay matatagpuan din sa Slm 66,20. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 107.

[76]Masdan sa talâ 78 kung paano nailigtas mula sa pagkaltas ng ilang mga kritiko ang pariralang katinig na *m't yhwh*.

[77]Sa tingin ng kasalukuyang manunulat, ipinahihiwatig din naman ang pagkakatugma ng estilo at ng panimdim.

magiging hatol na kamatayan kung matutuloy ang paglilitis sa isang hukumang puspos ng kabulukan sa lahat ng dako. Kayâ hiling niya sa POON: "Halika! Ikaw na aking Panginoon at paghimalaan mo ako!"[78] Hindi alang-alang sa anumang kanyang karapatan o dahilan kundi pakundangan sa Ngalan ng kanyang POON at Panginoon na kanyang naranasan, at gayundin ng kanyang mga ninunong matuwid, na Siya'y kaybait[79] at kumilos tungo sa kanilang kaligtasan. Alang-alang sa

[78]Tingnan ang isinaayos na teksto ng mga bss 21–22 sa p. 124 ng sanaysay na ito. Panibagong pinapatinigan ang TM na *'attāh*, "ikaw," para maging *'ᵃtēh*, ang pautós ng *'ātāh*, "pumarito." Ayon kay Dahood, ang pagpapatinig ng TM ay kumákatig sa talâ ng aparatong kritiko ng BH⁽³⁾ na nagpapanukalang kaltasin ang buong unang kolong *wᵉ'attāh yhwh 'ᵃdōnāy*, "Ngunit ikaw, POON, Panginoon ko!," subalit pinahihintulutan tayong umayaw sa pagkaltás na ito sa pagmungkahing panibagong pagpapatinig at pagsasaayos ng linya: ihinihiwalay ang *ᵃśēh 'ōtī* para bumuo ng ikalawang kolon samantalang idinurugtong naman sa naiwang *lᵉma'an šimᵉkā* ang dalawang unang mga salita ng ikatlong kolong *kī ṭōb* para bumuo ng bagong ikatlong kolon; kung gayón, nasusuri ang linya bilang tatluhang kolong may 8:4:8 na bilang ng mga pantig.

Bukod pa, dapat ding bigyang-pansing gumamit na naman ang makata sa bs 34 ng datibo sa hulapi ng panibagong binasang *'ōt*, "palatandaan, himala." Sa halip ng TM na *'ittī*, "kasama ko," pinapatinigang panibagong *'ōtī*, na mayroong hulaping henitibo, na nangangahulugan namang datibo (tgn. talâ lx sa Slm 104,27). Tgn. Dahood, *Psalms III*, 107. Pinuna sa talâ 37 sa itaas na nagkamali sa pagpapatinig ang TM sa *'ittī*, "kasama ko," para sa *'ōtī*, na isang *nota accusativi* naman doon. Isinatagalog ang *ᵃśēh 'ōtī* sa pamamagitan ng paggamit ng unlaping "pag-" at ng hulaping "-an" sa ugat na "himala" para mabuo ang pandiwa.

[79]Pinagágaáng lubos ng kaparehong-kapareho at sinusuri ang *kī* bilang isang pandiín gaya ng nasa pariralang *šimᵉkā kī ṭōb* sa Slm 52,11 at 54,8 ang paghahati nang ayon sa sukat ng mga huling salita ng bs 21. Para maikabit ang *kī ṭōb* sa *lᵉma'an šimᵉkā* para mabuo ang bagong ikatlong kolon ng bersikulo, inaayos din ang naunang dalawang kola sa panibagong pagpapatinig na binanggit sa sinundang talâ sa itaás, at gayundin naman ng *'ōtī* bilang *nota accusativi*, na mayroong hulaping henitibo, na nangangahulugang datibo, tulad ng sa Slm 104,27 at sa bs 2. Kung gayon, nagkakaroon ang tatluhang kolong ito ng 8:4:8 na bilang ng mga pantig. Bilang kinalabasan ng pag-aayos na ito, nagiging unang kolon ang natirang dalawang huling salita ng bs 21 at isinasama ito sa bs 22 upang bumuo ng bagong linyang may tatluhang kolon din na may 7:9:8 na bilang ng mga pantig; sinusuri ang *ḥasdᵉkā* bilang isang akusatibo ng pamamaraang náuuná sa pawatás, kagaya

gandang-loob ng POON at hindi sa ano pa man ang samo ng makatang palayain siya't sagipin.[80] Talos na talos niyang wala siyang ligtas sa kanyang mga tampalasang mga máninirà at sa kanilang kasabuwat na bulok na hukom. Siya ang aba't dahop at sirang-sirâ ang loob na binanggit sa nakaraang bs 16b+k,[81] gayon sa pamamagitan ng isa pa ring paglangkap sa gamit ng *'ānī w^{e}'ebyōn*, na ngayo'y malinaw niyang inilalapat sa kanyang sariling pagkatao, lalung-lalo na sa paggamit ng mas maigting na anyong *'ānōkī* para sa "ako." Sa mga kasunod na bersikulo'y higit pa niyang ipahahayag ang pagkadukha't dahop nitong *'ānōkī*, na sa pasimula ng panalangin ay nagsumamong paghimalaan (*^{a}śēḥ 'ōtī*), na kasintunog ng naunang anyayang "Halika!" (*^{a}teḥ*). Tanging POONg Panginoon ang kanyang kaligtasan!

Kayâ tulad ng kanyang mga kapanalig na tapat sa Panginoon, nag-ayuno siyang nanánayâ lamang sa kanyang kalinga't pag-aadya. Hindi siya naging patpatin[82] sa pagbawas ng pagkain at ínumin lamang kundi

---

ng nasa mga Slm 32,10; 51,14; atbp. Panibagong pinapatinigan ang TM na qal na táhasang palipát na *ḥālal* para maging qal na balintiyak na *ḥūlal*, isang pagbabanghay na di-alam ng mga Masoreta. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 107.

[80]Sa muling paggamit ng paglangkap sa dalangin ng salmista (sa pagitan ng bs 21 [*ḥasd^{e}kā haṣṣīlēnī*] at bs 26 [*bōšī'ēnī k^{e}ḥasdekā*]), nais niyang ipagdiinang tanging gandang-loob ng POON ang kanyang maaasahan upang mapalaya sa gipit na gipit na katatayuan.

[81]Tgn. talâ 65 sa itaás.

[82]Gayong bahagyang makatuturán ang TM na *mišš*ā*men*, "walang langís/tabâ," sa bs 24, waring akma ang panibagong pagpapatinig dito, ayon kay Dahood, para gawing pandiwaring pual na *m^{e}šš*ū*mān* o isang kagayang anyong malapang-uri na tumuturing sa *b^{e}śārī*, "laman/katawan ko." Isa pang pagsusuring pambalarila (bagamat nanánatiling pareho ang kahulugan) ang posibleng maipanunukala ng Is 17,4: *ūmišman b^{e}śārō yērāzeh*, "At ang tabâ ng kanyang katawan ay pápayát." Kung gayón, maaari itong basahing *ūb^{e}śārī kāḥaš mišmān*, "At ang katawan kong matipuno'y naging patpatin," kung saan nakasingit ang pandiwang *kāḥaš* sa isang kadenang binanghay, isang pantulang pagbubuong kinilala ni Qimḥi, ayon kay Dahood, sa Os 8,2; 14,3 at ni A. Blommerde sa Job 17,11 sa kanyang *Northwest Semitic Grammar and Job* (Rome: Pontifical Biblical Institute, 1969). Tgn. Dahood, *Psalms III*, 108. Ang ikalawang bagong pagbasa ang sinunod sa ikalawang kolon

lalo na sa pagsalakay naman sa kanya ng mga alalahani't pangamba sa kinabukasan niya at ng buo niyang mag-anak. Lumalamon ito ng kanyang lakas at sigla sa kanyang pangangatawan. Matanda na nga siya, subali't higit pang nagpatanda[83] ang kanyang sinusuong at binabakang sulirani't mga alalahanin. Gayon, sinumang makakita sa kanya't makasalubong[84] ay malamáng na nápapaawâ, at ang karamiha'y nagsasapantaha na talagang siya'y sinumpa. Íilíng-ilíng ang mga ito, na sa kanilang palagay walang kapag-apag-asa ang kaso ng salmista.

---

ng bersikulong ito; sa ganitong paraan, higit na nagkálapít ang bilang ng mga pantig ng linya (7:8) kaysa sa unang panukala at TM na orihinal na may 7:9 na bilang naman.

[83]Balikan ang inayos na tekstong Hebreo ng bs 23. Binabasa itong *kī nāṭawtī* sa halip ng TM na *kiṅ[e]ṭōtō*, at ikinakabit ang huling *w* (*ō*) sa kasunod na salita bilang pangatnig na *w[e]*. Pinanánatilì ng pagbasang *nāṭawtī* ang orihinal na ikatlong katinig na *-w* (pinatutunayan ng Arabe ang *nṭy* at ang *nṭw*), kagaya ng nasa mga pandiwang tulad ng *šalawtī*, "maginhawa ako," samantalang kinákatimbáng ng pandiing *kī* ang pandiing *kī* rin ng ikalawang (na magiging ikatlong) kolon. Matapos na mailipat ang huling *w* ng *nṭwtw* sa kasunod na salita, nasusuri ang bersikulo sa tatluhang kola na mayroong 6:4:6 na bilang ng mga pantig; bago nito ay may dalawahang kolon lamang na may 10:6 na bilang ng mga pantig.

Gumamit din ang makata rito ng dalawang ulit ng pandiíng *kī*. Ipinaliliwanag ang *nin'artī* bilang isang pandiwang nagmula sa pangngalang *na'ar*, "batang lalaki, binatilyo," at ipinalálagáy ang kahulugang nagkákaít sa anyong niphal; tgn. Ez 19,5: *nḥwlh* (basahing *nāḥōlāh*), "Nawalan siya ng lakas," at Slm 37,25: "Nagbinatâ ako, ngayon nama'y tumanda na." Ang salin ng mga naunang mga salita at ang lumilitaw na balangkas na magkabalalay ay maalwang nagsásantabí ng kinagawiang saling "gaya ng isang balang" para sa *ka'arbeh*, na makatuturán ngayong binábasang *kī 'erbeh*; sa ganitong paraan, nagiging katambal ito sa estilo ng unang kolong *nāṭ awtī*, "talagang napípipís ako." Tgn. Dahood, *Psalms III*, 107–108.

[84]Tgn. ang iwinastong pagpapatinig sa Hebreong bs 25. Madalás na kinákaltás ang mga katinig na *w'ny* (TM na *wa'ānī*, "at ako"), subalit nagiging makatuturán ito kapag pinatitinigang *w[e]'ōnay* ang pandiwaring qal ng *'ānāh*, "sumalubong," na tinalakay sa talâ vi ng Slm 51,5. Ayon sa balarila, isang halimbawa ito ng tinatawag na *casus pendens* ang *w[e]ōnay*, na ipinagpapatuloy sa *lāhem*, "sa kanila." Tgn. Dahood, *Psalms III*, 108.

Sa ganitong kalagayan, kanino pa siya kakanlong? Kayâ muling hilíng niyang marubdob bilang paglangkap,[85] gaya ng sa simula ng kanyang dalangin, "Saklolohan mo ako, POONg Diyos ko! Iligtas mo ako ayon sa gandang-loob mo!" Talagang desperado, walang magagawa mula sa likas na kakayahan, ni mula sa tulong ninuman na ang mga pakita pa sa kanya ngayon ay pawang pang-uuyam at pagpapahina ng loob. Sa gitna ng kawalang-pag-asang ito, napatibay pa rin ang pananalig ng salmista na tapat ang Diyos at may kiling sa mga dukha't inaapi. Kung gayon, ang tulong na pagpapalaya't kaligtasan na inaasam-asam ng makata ay patotoong muli na ang Diyos ng katuwira't katarungan ay kumikilos at siguradong kikilos para sa kanyang deboto at bayang sukol na sukol sa pahirap at pang-aapi. Muling maihahayag na kamay ng POON ang gumawa ng ganitong paghango, na mismong Siya ang may-akda ng kaligtasang minimithi.[86]

2.4.6. Kinálabasán ng Dalangin ng Makata (bs 28). Gayong taimtim at buong pananalig na nanalangin ang banal na makata, makakarinig siya ng sagot sa gitna ng pusikit na dilim at pasakit. At tayo, na sa kasalukuyang panahong nakararanas ng kawangis na mga pangyayari, ay marapat na magmalay sa pagsunod kay Yeshu'a na taga-Nazaret na sumuong sa dilim ng mga pasakit at kamatayan alang-alang sa atin. Katulad ng ating salmista, naririnig din tayo. Sasapit din ang bulong sa puso't isip na warak at nasiphayo: "Dinggin ninyo ang wika ng di-matuwid na hukom: 'Hinding-hindi kayâ igagawad ng Diyos ang

---

[85]Tgn. talâ 62 sa itaás.

[86]Isang halimbawa naman ng *ellipsis* at ng kaugnay na dobleng-gamit ang bs 27: Ipinanúnukalà ni D. N. Freedman, ayon mismo kay Dahood, na nagsisilbi rin ang pandiwa ng ikalawang kolon doon sa unang kolon, ayon sa simulain ng dobleng-gamit o elipsis, kung saan nagiging kasangkapan ang *yādᵉkā*, "sa pamamagitan ng 'yong kamay"; ayon sa kasalukuyang manunulat, batay sa saling Ingles ni Dahood sa *Psalms III* (p. 109), nagsisilbi rin ang *zō't* ng unang kolon bilang tuwirang nilalayon ng pandiwang *ʿaśītāh* sa ikalawang kolon, ayon sa dobleng-gamit. Kung magkágayón: "Upang matalastás nila, na sa pamamagitan ng 'yong kamay ginawa mo ito, / ikaw, POON, ang gumawa nito." Sa tingin ng kasalukuyang tagasalin, higit na maayos ang daloy ng bs 27 kung ganito ang magiging salin, at ito ang sinunod sa saling Tagalog na ito.

katuwiran sa kanyang mga hinirang na sumisigaw sa kanya araw at gabi, at matitiis kaya niya sila?'"[87] Kung gayón, nasasaksihan na mula sa taimtim na dalangin ang pasimula ng himalang hiningi. May lakas na bumabalong mula sa loob na warak ng makata na sinalíng ng kamay ng POON. Makahaharap na siya gayón nang buong tapang at giting sa kanyang mga máninirà at mga mang-uuyam, at mismo sa bulok na hukom. Magsibangon[88] man sila para manumpa, mandusta man at manghiya, napatibay ang kanyang loob at muling napaliksi ang kanyang pangangatawan habang matatag ang kanyang paniwalang POONg Diyos sa kanya'y magpapala.[89] Hindi ba ganito rin ang naging tikas ng nagdurusang Lingkod ng POON[90] at ng lahat ng mga saksi at martir ng POON, maging ng mga nakaraang kahapon at maging sa mga nagaganap ngayon?

2.4.7. Maikling Sumpa Muli sa mga Máninirà (bs 29). Hinangad ng mga kaaway ng salmista ang kanyang kahihiyan, pati na pagkamatay bilang hatol sa krimeng paratang. Ngayon ang katarunga't katuwiran ng POON ang tatambad sa madlang-bayan; mga yaon ang mawawalan ng dangal at sa halip ay paghamak ang kanilang karamtan.

---

[87]Lc 18,6–7.

[88]Sa bs 28, tulad ng sa Slm 27,12 kung saan inilalarawan ng perpektong pahilíng na *qāmū* ang galaw ng mga bulaang saksi, katimbang nito ang paatás na *yᵉqālᵉlū*, "Bayaan silang manumpa, na nagsásaysáy ng alituntunin ng mga saksi sa isang hukuman." Ang dalawang anyong ito ng pandiwa'y mga baryante ng paatás bilang bahagi ng pagbabago ng estilo. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 109.

[89]Tingnan ang may pinanibagong pagpapatinig na Hebreong teksto sa p. 124. Sa palagay ng kasalukuyang manunulat, ikinakatlig ng ginawang dalawang dalawahang kola sa halip ng isang linyang may iisang dalawahang kola lamang ng bs 28 ang natamong tiwala ng salmista sa pananalangin. Paganitong paraan, parang *staccato* sa orihinal na Hebreo sa dalawahang kumpas ng bawa't kolon (2+2 // 2+2), na mayroong tig-aanim na mga pantig (6:6 // 6:6), ay naipahihiwatig ang kilos ng mga kaaway ng salmista at ang inaasahang tugon naman ng POON sa kanyang lingkod. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 109.

[90]Tgn. Is 50,8–9; ganito rin, sa palagay ng may-akda ng sanaysay na ito, ang panimdim ni Pablo sa harap ng mga pagdurusa dahilan sa pagsaksi kay Yeshu'a, ang Mesiyas, sa kanyang sulat sa mga taga-Roma, 8,31–39.

Ipinamalas sa bs 29 ng nanaghoy na makata, na ngayo'y nagtamo ng lakas-ng-loob at tiwala makapanalangin, ang mapang-uyam na pananalitang ito sa paglalaro niya ng mga ugat ng mga salitang *lābaš*, "magdamit, magsuot," at *bōšet*, "kahihiyán." Kabahagi ito ng mga larong mga salitang nagpapakita ng kátatawanáng mapanuyâ ng maraming mga panaghoy ng TaPaK at ng mga Kananeo.[91] Marahil ang magkatimbang na bilang ng mga pantig ng linya (9:9) ay nagpapahiwatig naman sa kahinahunan ng kakatwang pang-uuyam kapag ihahambing natin ito sa naunang maikling panunumpa sa bs 20.

2.4.8. Pangmadlang Pasasalamat at Papuri ng Salmista (bss 30–31). Tunay ngang naglalaman ang isang panaghoy ng lahat ng ating inaaayawan at aayawan sa buhay nating taglay: kawalan ng dangal, kabulaanan, kawalan ng katarunga't katuwiran, kahihiyan, at napakarami pang iba, pati na ang kamatayan. Subali't mayroong mga pagkakataong dumarating sa buhay ng ilan na ang mga ito ang nagsisilbing daan tungo sa pagpanday ng tamang kaugnayan: sa Diyos, sa sarili, sa kapwa, at sa buong sangnilikha, kasama ng mga gawa ng ating isip at mga kamay. Ang mahalaga'y hanapin, tuklasin, alamin, at akuin ang daang tinahak ng mga nauna na sa atin sa landas ng buhay, na kailanma'y di-ligtas sa mga pagsubok at hamon. Ito ang dahilan kung tunay nga, matapos bumagtas sa makitid na daan ng pananalig sa Diyos, sa katapatan sa paninindigang wasto, at sa pagsunod sa lahat ng kanyang mga pahiwatig, na nakapagtatapos ang salmista ng kanyang tinaguriang awit ng papuri't pasasalamat sa POON Siyang-Dakila.[92]

---

[91]Tgn. Slm 60,5. Ipinaliwanag ni Dahood kung paano napanatili ng makata ang ganap na timbang ng dalawahang kola ng bs 29: Nakikibahagi ang walang hulaping *kᵉlimmāh*, "kawalang-dangal," sa hulapi ng katambal nitong *bošṯām*, "kahihiyán nila." Kung nilagyan ng makata ang *kᵉlimmāh* ng hulapi (=*kᵉlimmātām*), madaragdagan niya ng isa pang pantig ang unang kolon, at sa gayón ay masisira ang kasalukuyang bilang ng mga pantig na 9:9. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 109.

[92]Ayon kay Dahood, inilalantad sa pagsusuri sa mga sangkap ng bersikulo ang parisáng kiástikong A+B // B'+A', na natatagpuan sa Slm 22,23 na naghahayag din ng kahalintulad na kaisipán. Kung magkatambál ang *bᵉpī*, "sa pamamagitan ng bibig ko" (B), at ang *bᵉtōk rabbīm*, "sa gitna ng mga matatandâ" (B'), gayón tútugmâ ang *'ōdeh yhwh m'd* (A) sa *'ᵃhalᵉlennū*, "pupurihin ko siya." Ang kahulugan

Lagi niya siyang darakilain sa kanyang kinabibilangang kalipunan ng mga matatandang[93] may maselang katungkulan na mag-iwan ng pamanang saksi ng buhay na matuwid at makatarungan. Matibay at matatag ang kanyang tikas at paninindigang ang kanyang tinaguriang paiba-iba sa kanyang mapanlikhang pamamaraan—"Diyos ko" (bs 1), "El na POON" (bs 14), "POON" (bs 20), "POONg Panginoon ko" (bs 21), "POONg Diyos ko" (bs 26), at "POON Siyang-Dakila" (bs 30)—sa iba't ibang yugto ng buhay at dalangin ay tatayo sa kanyang kanan, siyang dahop[94] dito sa lupa, upang ipagtanggol siya mula sa kuko ng bulok na hukom,[95] na sa kabilambuhay sa hukumang makalangit

---

nito'y dapat na binubuo ang *'ōdeh yhwh m'd* ng isang pandiwang papuri at ng tuwirang nilalayon nito. Kung magkágayón, patinigang *yhwh ma'ēd* (sa halip ng TM na *mᵉ'ōd*), "Ang POON Siyang-Dakila," at ihambing ang Ugaritikong pang-uring *mid*, "maringál, dákilà." Kapansin-pansing natatagpuan din ang mga pamagat na mabathalang *ʾᵉlōhīm*, "Diyos," at *mā'ēd*, "Siyang-Dakila," sa isang paglangkap sa Slm 46,2 (may kahalintulad na mga paglangkap ng ibang mabathalang pamagat sa mga Slm 58,7 [O Diyos … O POON] at Slm 77,14 [Diyos … Diyos]). Tgn. din ang mga Slm 46,2; 92,6; at 96,4; at gayundin naman ang mga Slm 119,196.138.140; 142,7; 145,3; at Job 8,7. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 109.

[93]Sa pariralang pang-ukol sa bs 30, kaisa na naman ang makata sa gawing Ugaritiko sa gamit ng magkabalalay na *bᵉ* // *bᵉtōk*. Makikita rin sa UT, 75:I:19–22, *wẓl baln tkn btk mlbr ilšỉy*, ang pagtambal ng *bᵉ* at ng *bᵉtōk* ng kasalukuyang bersikulo ng ating salmo; sa nasabing tekstong Ugaritiko, mas malinaw ang pagkakábalalay ng *b* at ng *btk* kaysa kahulugan ng karamihang mga kalapit na mga salita. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 109–110.

[94]Inihayag rin ito ng makata sa muling pagkawing ng bs 22 sa bs 31 sa paggamit ng paglangkap ng kanyang pagkakilala sa sarili, ang pinaka-ID niyang *'ebyōn*, "dahóp," na kasalungat sa tinawag niyang POON Siyang-Dakila sa bs 30.

[95]Ayon kay Dahood, naaabot ang katuturán mula sa pinagtalunang mabuting *miššōpᵉṭē* kung papatinigang panibagong *miššōpᵉṭī* na ang hulapi ay tumutukoy sa ikatlong panauhan. Ang pagsasaalang-alang sa estilo ang maaaring dahilan sa pagkakásintabí ng dalawang magkaibang mga hulapi sa ikatlong panauha't isahan sa *miššōpᵉṭī napšō*. Mayroong kahalintulad na pagkakásintabí sa Is 53,10: *wᵉyhwh ḥāpēṣ dakkᵉ'ō hᵉḥilli* (TM na *heḥᵉlī*) *'ᵉmet šimā* (TM na *'im tāšīm*) *'āšam napšō*, "Subalit ang POON ay nalugod na pahirapan siya, sibatín siya; talaga namang naging alay para sa kasalanan ang kanyang buhay"; masusuri ang mga katinig na *hḥḷy*

ay tatayuan naman sa kanyang kanan ng karumal-dumal na si Satanas bilang tagapagsakdal[96] kung hindi niya babayaang paghimalaan ng POON Siyang-Dakila tungo sa pagbabago at tunay na kadakilaan.

3. Pantapós na Salita't mga Mungkahi

Sa ating paglalakbay sa Slm 109, natalastas sana nating lahat kung gaano kayaman ang banal na tulang kinatha ng isang matanda nang sinukol ng mga mapang-aping balangkas ng lipunan noon ng mga Israelita bago sila mapatapon sa Babilonia. Sa pamamagitan ng mga natuklasang teksto sa dakong mga dalampasigan ng HKS, natulungan tayong higit na mabalikan ang tekstong orihinal na mga katinig. Sa palagay naman ng kasalukuyang manunulat, malinaw na naipakita niya ito sa sanaysay tungkol sa Slm 109. Napatotohanan ang katunayang ang kalinangang Hebreo ay kabahaging-kabahagi ng HKS, bagama't nilinang at pinanday ang anumang di-kaayon sa pananampalataya sa POONg Diyos ng Tipan. Kung gayon, inaanyayahan ng manunulat na ito ang lahat sa CBAP na tingnang muli ang nasabing *magnum opus* ni Dahood na nagpakitang nakaugat talaga nang malalim ang panitikang Hebreo, lalo na ang panunulâ, sa kalinanga't panitikang Kananeo.

Kayo na ang tumimbang kung ang saling Tagalog na ito ng Slm 109, at pati na ng buong Salterio, kung loloobin ng kaybait na POON

---

bilang hiphil na pawatas na binanghay ng *ḥll*, "saksakín, sibatín, patagusín," na sinundan ng hulapi sa ikatlong panauha't isahang *-y*. Pinagtitibay ang kawastuhán ng ganitong pagsusuri ng Balumbon ni Isaias na natuklasan sa lungga ng Qumran (1QIs[a]), *wyḥllw*, "at kanyang sinibát siya," na nagpapahiwatig na naunawaan ng eskribang taga-Qumran na ang hulapi ay dapat na nasa ikatlong panauha't ísahan. Tgn. Dahood, *Psalms III*, 110–111. Isang patunay ito ng kasanayan ng salmista sa mga sinaunang ganitong gamit ng hulaping panghalip na *-y*.

Ayon naman kay Althann, sa pag-aaral niyang nabanggit sa simula ng sanaysay na ito, "[there are] no clear examples of a final *yod* representing the 3 f.s. ending. Orthographic confusion between *y* and *w* cannot be ruled out to explain some other alleged examples of the phenomenon" (tgn. *Studies in Northwest Semitic*, 78).

[96]Basahin ang bss 6–7 ng ating Salmo at tgn. 2.1.2. sa itaás.

(Kapuri-puri ang kanyang Ngalan!), na ibinatay ng manunulat na ito sa nasabing *magnum opus* ng kanyang matagal nang nakaraang naging guro, ay higit na nagbibigay ng katuturan sa salmong malimit kalituhan at inayawan ng mga liturhistang isama sa Panalanging Opisyal ng Sambayanang Katoliko. Isang malaking katanungan ng kasalukuyang manunulat: Bakit isinama ito sa huling koleksiyon ng mga banal na awit ng iba't ibang mga mananampalataya ng Matandang Tipan? Marapat na talakayin ito nang malaliman, subali't hindi sapat ang panahon para gawin ito rito. Nais lamang banggitin nitong manunulat ang kanya nang nasabi, na ang karanasan ng ating salmista ay hindi lamang noong malayong kahapon kundi ngayon din sa ating panahon! Paano natin masasabayan ang gayong karanasan maging sa ating panalanging nakaugat sa katunayan ng karanasan at sa kaugnayan sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Yeshu'a, na malinaw na sumalungat sa marahas na hangarin ng magkapatid na mga anak ng kulog na manalanging magpaulan ng apoy ng asupre sa nagiging balakid sa kanilang pag-ahon sa Herusalem?[97] Bukod pa rito, mismong pahiwatig ng kanyang mga aral, lalo na sa tradisyon ni Mateo sa pangangaral ni Yeshu'a sa bundok,[98] ay tumútumbók sa isang buhay na ayon sa tunay na kapalaran at kabanalan sa pagsasagawa ng kalooban ng Diyos. Tiyak na binigyan niya ng radikal na pakahulugan ang batas ng pagganti (*lex talionis*): "Narinig ninyong sinabi: […] *subalit sinasabi ko naman*: […]."[99]

Kung ano ang ating pinagsimulan, iyon din naman ang hangad pagtapusan ng kasalukuyang manunulat. Napapanahon, sa ating pagdiriwang ng ikalimang dantaon ng pagsapit ng pananampalatayang Kristiyano sa mga Kapuluang ito, na bakahin ang hamon ng pag-ugat nito sa ating katutubong kalinangang Pilipino sa pamamagitan ng ating sariling wikang Tagalog. Marapat na masdan at suriin ang ating kalalagayan ngayon bilang mga mananampalatayang Pilipino sa tanglaw ng mga Banal na Kasulatan, na siyang pinakapangulong pinagkukunan

[97]Tgn. Lc 9,51–55.

[98]Tgn. Mt 5,1–7,28.

[99]Tgn. Mt 5,38–48 (pagdiín ay sa kasalukuyang mánunulát).

natin ng mabathalang pananaw bilang mga tagasunod ni Yeshu'a na taga-Nazaret, na ngayo'y itinampok na Mesiyas at Anak ng Diyos.

Sa okasyon ng ikalabing-anim na dantaon ng pagkamatay ni San Jeronimo sa Bethlehem noong ika-30 ng Setyembre, 2020, naghayag si Papa Francisco ng isang Liham na Apostolikong pinamagatan niyang *Scripturae Sacrae Affectus*. Isa sa kanyang maikling tinalakay ay ang usapin ng paglilinang, na pangkasalukuyang hamon pa rin para sa atin lalo na sa Asya. Bayaan ninyong sipiin dito ng kasalukuyang manunulat ang ilang mga talatà mula sa salin sa wikang Inglés ng nasabing Liham na nagtuturong ang pagsasalin ay isang gawain ng paglilinang:

> By his translation, Jerome succeeded in "inculturating" the Bible in the Latin language and culture. His work became a permanent paradigm for the missionary activity of the Church. In effect, "whenever a community receives the message of salvation, the Holy Spirit enriches its culture with the transforming power of the Gospel." Here a kind of circularity is established: just as Jerome's translation is indebted to the language and culture of classical Latin, whose influence is very evident, so his translation, by its language and its symbolic and highly imaginative content, became in turn an impetus to the creation of a new culture.
>
> Jerome's work of translation teaches us that the values and positive forms of every culture represent an enrichment for the whole Church. The different ways by which the word of God is proclaimed, understood and experienced in each new translation enrich Scripture itself since, according to the well-known expression of Gregory the Great, Scripture grows with the reader, taking on new accents and new resonance throughout the centuries. The entrance of the Bible and the Gospel into different cultures renders the Church ever more clearly "a bride bedecked with jewels" (*Is* 61:10). At the same time it witnesses to the fact that the Bible continually needs to be translated into the linguistic and mental categories of each culture and generation, also in the secularized global culture of our time.[100]

[100]Francisco, *Scripturae Sacrae Affectus* (Roma: Libreria Editrice Vaticana, 2020), https://www.vatican.va/content/francesco/en/apost_letters/documents/papa-francesco-lettera- ap_20200930_scripturae-sacrae-affectus.html (nabisita noong ika-28 ng Hunyo 2021).

Marami na tayong mga salin ng Banal na Kasulatan, maging ng Matandang Tipan at ng Bagong Tipan, sa iba't ibang mga wika sa ating mga Kapuluan, salamat sa marubdob na gawain lalo na ng ating mga kapatid sa Pastoral Bible Foundation ng mga Claretiano at mangyari pa sa Philippine Bible Society na matagal nang panahong pinagsikapang maipaabot ang Banal na Salita ng Diyos sa mas marami pang mga pangkat na kultural ng ating bansa. Marahil nagpasimula na sila na lumikha ng Bibliang magagamit, lalo na ng mga mag-aaral at mga tagaturo ng teolohiya, bagamat may kaalaman na sila ng mga orihinal na banal na wika sa nasabing dalawang Tipan. Sa kaalaman ng kasalukuyang manunulat, iminumungkahi pa ring gamitin hanggang ngayon ang RSV sa mga mag-aaral sa wikang Ingles ng mga Banal na Kasulatan.

Kung gayon, huwag sanang masamaing ulitin rin dito ng kasalukuyang manunulat ang mungkahing binanggit niya sa pasimula ng sanaysay na ito: Marapat na magkaroon tayo ng isang mahusay na salin sa Tagalog na malapit na malapit sa mga orihinal na wika ng Banal na Kasulatan. Isang hamon ito para sa CBAP sa okasyon hindi lamang ng ikalimang dantaong ipinagdiriwang natin noong taong 2021 kundi rin naman sa ating paggunita sa pagkamatay ng isang Ama't Pantas ng Sambayanang Kristiyano na nagtaglay ng marubdob na pagmamahal sa Salita ng Diyos, si San Jeronimo. Gaya ng sinabi ni Francisco sa nabanggit na Liham, si San Jeronimo ay "silid-aklatan" ng Mesiyas, na maging hanggang ngayon ay "patuloy sa pagtuturo sa atin ng kahulugan ng pag-ibig sa Mesiyas, isang pag-ibig na hindi maaaring ihiwalay mula sa pakikipagtagpo sa kanyang salita."[101] Kahimanawaring magbunsod ang CBAP, na binubuo na ng karamihang mga Pinoy/Pinay na biblista,[102] ng isang proyektong *sama-sama't organisadong mahusay*

[101]Francisco, *Scripturae Sacrae Affectus* (salin ng kasalukuyang manunulat).

[102]Sa kahuli-hulihang pagtatalâ ni Sr. B. Dianzon noong ika-15 ng Setyembre 2021 ng mga kasapi ng CBAP para sa isang direktoryo nito, mayroon na tayong 42 kasapi. Tatlumpu't dalawa rito ay ganap na mga kasapi samantalang sampu naman ang mga kasamá. Karamihan (28) sa kanila'y sa Kamaynilaan naninirahan samantalang nasa labas nito ang iba (14); sa katunayan, lima sa huli ay nasa ibang bansa (EUA [2] at Vietnam, Belhika, at Sri Lanka [tig-iisa]).

na pagsasalin ng ating mga pinagkukunang biblikong makakatulad ng RSV, na siyang karaniwang ginagamit sa Inglés. Maibunsod pa nawang higit sa ganitong paraan ang pagteteolohiyang Pilipino sa mga parating na panahon at di manayâ lamang sa Inglés na mananatiling banyaga sa ilan marahil sa atin, at lalung-lalo na sa karamihan ng ating mga kapanalig at kamamamayang Pilipino.

Magsaloob nawa tayong lahat—tayo sa CBAP na umako sanang magsalin at ang CBCP-ECBA (Episcopal Commission for Biblical Apostolate), pati na ang AMRSP (Association of Major Religious Superiors in the Philippines), na umako namang magtaguyod ng proyektong ito higit sa lahat sa mga tauhan at pananalapi[103]—na maisakatuparan ang inasam-asam ni Francisco sa nasabing Liham na Apostoliko:

> With the celebration of this anniversary of the death of Saint Jerome, our gaze turns to the extraordinary missionary vitality expressed by the fact that the word of God has been translated into more than three thousand languages. To how many missionaries do we owe the invaluable publication of grammars, dictionaries and other linguistic tools that enable greater communication and become vehicles for "the missionary aspiration of reaching everyone!" We need to support this work and invest in it, helping to overcome limits in communication

[103]Kung tatanggapin at pagtitibayin ang mungkahing ito, napakahalagang lubos na sama-sama't mahusay na organisado ang kilos. Kung gayon, marapat na ang proyekto'y:

1) Inako bilang institusyon ng CBAP at ng CBCP-ECBA.
2) Mayroong Komisyon ng Pagsasaling may sariling mga Panuntunang pinagtibay ng dalawang institusyong magkasamá sa banal na misyong ito.
3) May Panuntunang naglalaman man lamang ng mga sumusunod na sangkap:
   3.1) Komposisyon at mga kasapi,
   3.2) Tunguhin ng Komisyon,
   3.3) Proseso ng Gawaing Pagsasalin,
   3.4) Lupon ng mga Tagasuri/Patnugot, at
   3.5) Lupon ng Pananalapi.
4) May tiyak na Badyet na sagót ng CBAP at CBCP-ECBA.

> and lost opportunities for encounter. Much remains to be done. It has been said that without translation there can be no understanding: we would understand neither ourselves nor others.[104]

Kapuri-puri nawa ang POONg Diyos ng sanlibutang bumubuhay sa atin sa pamamagitan ng kanyang Banal na Salita!

About the Author. Bienvenido Q. Baisas, O.F.M., is a friar of the Franciscan Custody of Saint Anthony Padua in Southern Philippines. After obtaining his Licentiate in Sacred Theology in 1969 at the Pontifical University of Santo Tomás in Manila, he was sent for biblical studies abroad, doing *Hebraicum* at the Westfälische Universität in Münster, Germany during the Winter Semester of 1969–1970. He then began his studies at the Pontifical Biblical Institute in Rome in February 1970 and obtained the degree of Licentiate in Sacred Scriptures two years later in February 1972. Thereafter, he spent eight months at the Studium Biblicum Franciscanum in Jerusalem, Israel. Returning to the Philippines in October 1972 after martial law had been declared, he was assigned to teach the biblical languages Hebrew and New Testament Greek at Our Lady of the Angels Seminary (OLAS) in Quezon City while teaching Biblical History at Divine Word Seminary in Tagaytay City and Judaism at OLAS and serving also as formator at the latter. From 1979 onward, he was entrusted with administrative/formative and mission work, whether in the Philippines (among the Agtas of the Sierra Madre) or abroad (Thailand, Sri Lanka, and Israel).

[104]Francisco, *Scripturae Sacrae Affectus*.